ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# SALIMBIBIG: ISANG NARATIBONG PAGSISIYASAT SA YAMAN NG PASALITANG PANITIKAN NG KAGAN

**Florence Jasmin D. Vitasolo[1], Dr. Mildred P. Galvez[2]**
*[1]Master Teacher 1, Pindasan National High School*
*[2]Professor, University of the Immaculate Conception*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra24438
**DOI No: 10.36713/epra24438**

## ABSTRAK

*Layunin ng disertasyong "Salimbibig: Isang Naratibong Pagsisiyasat sa Yaman ng Pasalitang Panitikan ng Kagan" ni Florence Jasmin D. Vitasolo na idokumento at suriin ang mga pasalitang panitikan ng Tribung Kagan sa Davao de Oro, kabilang ang kanilang mga alamat, kuwentong-bayan, pabula, awiting-bayan, at bugtong. Ginamit ang kwalitatibong disenyo sa pamamagitan ng naratibong pagsisiyasat na nakabatay sa teoryang hermeneutika ni Hans-Georg Gadamer upang maunawaan ang kahulugan at kontekstong kultural ng mga salaysay. Natuklasan na ang mga pasalitang panitikan ng Kagan ay sumasalamin sa kultural at ekolohikal na dimensyon ng kanilang pamumuhay ang ugnayan ng tao, kalikasan, paniniwala, at pagpapahalaga. Ipinapakita ng pag-aaral na ang mga salimbibig ay hindi lamang tagapag-ingat ng tradisyon kundi mahalagang daluyan ng identidad, moralidad, at karunungang katutubo. Inirerekomenda ang paggamit ng mga ito sa edukasyon bilang kasangkapan sa pagtuturo ng wika, panitikan, at kulturang Pilipino upang mapanatili ang Intangible Cultural Heritage ng mga katutubo. Ipinakita ng mga resulta na ang pasalitang panitikan ng Kagan ay masalimuot na salamin ng kanilang kultural at ekolohikal na dimensyon. Sa kultural na dimensyon, lumitaw ang pagpapahalaga sa kasunduan, katapatan, pag-ibig, sining, at pananampalataya bilang haligi ng kanilang pagkakakilanlan. Samantala, sa ekolohikal na dimensyon, binigyang-diin ng mga salaysay ang ugnayan ng tao sa kalikasan, gaya ng tubig, hayop, at halaman, bilang tagapangalaga ng buhay at balanse ng kapaligiran. Natukoy din sa pagsusuri ng wika ang mga tayutay gaya ng personipikasyon, metapora, ironiya, at pagmamalabis na nagsilbing daluyan ng kanilang karunungang-bayan at estetikong pagpapahayag. Pinatunayan ng pag-aaral na ang salimbibig ng mga Kagan ay hindi lamang mga simpleng kwento kundi daluyan ng kanilang katutubong karunungan, moralidad, at pagkakakilanlan. Inirerekomenda ng mananaliksik ang pagsasama ng mga ito sa kurikulum sa Filipino at Araling Panlipunan upang mapanatili at mapalaganap ang Intangible Cultural Heritage ng mga katutubo sa Mindanao at buong Pilipinas.*

**MGA SUSING SALITA:** *Pasalitang Literatura, Naratibong Pagsisiyasat, kultural na pagkakilanlan, ekolohikal na dimensyon, Kagan, Lokal na Literatura ng Mindanaw*

## INTRODUKSYON

Maituturing na yaman ng isang Tribu ang pasalimbibig na panitikan ng mga katutubong ipinagmamalaki. Patula man o tuluyan, pasalita man o pasulat ang isang katutubong panitikan ay maituturing itong daluyan ng samot-saring kaalaman, kaugalian, pagpapahalaga, at kultura. Kaugnay ng kaalamang ito, mahigpit ang pangangailangang malikom nang buo at maimbak nang maayos ang mga nasimulan na ng ating mga ninuno. Kaya naman ito ang nag-udyok sa mananaliksik na idokumento at pangalagaan ang mga salimbibig ng yaman ng pasalitang panitikan ng Kagan na naninirahan sa Pantukan, Mabini at Maco, isang pamanang pandaigdig na mayaman sa mga hindi pa naisusulat na kuwento. Sa aklat nina Mojares (2017) at Lumbera (1976), binibigyang-diin ang kahalagahan ng masusing pakikipag-ugnayan ng mga iskolar sa antas ng pamayanan, kabilang na ang pangangalap, paglalarawan, dokumentasyon, at klasipikasyon ng mga akdang pampanitikan. Sa kabila ng mga pagsisikap na ito, nananatili ang kakulangan ng lokal na mapagkukunan ng panitikan para sa mga kabataang mag-aaral (Pattalitan & Valerio, 2016), na maaaring makapigil sa pag-unlad at pananatili ng mga pamayanang pampanitikan (Afdholy et al., 2020). Ang isang antolohiya ng pasalitang literatura ay isang koleksyon ng mga kwentong-bayan, alamat, tula, at iba pang anyo ng oral na tradisyon. Ito ay nagpapakita ng kultura at pagkakakilanlan ng isang komunidad sa pamamagitan ng mga kwentong ipinamana ng mga ninuno. Ang mga pasalitang literatura ay hindi lamang limitado sa lokal na konteksto kundi nagiging bahagi rin ng global na kaisipan, na nagpapakita ng mga paniniwala, kultura, at kasaysayan ng isang lugar.

Sa Pilipinas, ang katutubong literatura ng Kagan ay may malalim na epekto sa pagpapanatili ng kanilang kultura, kasaysayan, at pagkakakilanlan, ito ay maaaring magdulot ng komplikasyon sa pag-unawa sa pinagmulan ng pasalitang panitikan . Ang pagpapanatili ng hindi-materyal na pamana na ito ay napakahalaga, dahil ang tanging pag-asa sa pagpapasa ng kaalaman sa pamamagitan ng bibig nang walang dokumentasyon gamit ang mga print media ay maaaring magdulot ng pagbaluktot sa orihinal na konteksto ng kultura. Ang pasalitang panitikan tulad ng mga alamat, epiko, kwentong-bayan, at kasaysayan ay mahalagang bahagi ng

kultura ng Kagan. Ang mga kwentong ito ay nagsisilbing tagapangalaga ng kanilang mga tradisyon, paniniwala, at kaugalian, na nagpapakita ng kanilang natatanging pagkakakilanlan bilang isang komunidad (Enriquez, 2017). Sa Luzon, ang mga awit at epikong *Hudhud* ng mga Ifugao sa Banaue ay nagpapatunay sa tibay ng pasalitang panitikan bilang tagapagdala ng kasaysayan at tradisyon, na kinikilala maging sa pandaigdigang antas (UNESCO, 2019; NCCA, 2020). Ang *Hudhud* ng mga Ifugao ay kinilala ng UNESCO bilang *Masterpiece of the Oral and Intangible Heritage of Humanity* (UNESCO, 2019; NCCA, 2020). Ang mga awit na ito ay ginagamit sa pagtatanim, pag-aani, at sa mga ritwal ng paggunita sa mga ninuno. Ipinapakita nito kung paano nagsisilbing daluyan ng kaalaman, moralidad, at kasaysayan ang panitikang pasalita sa hilagang bahagi ng Luzon.

Ang *Hinilawod* ay isang mahabang epiko ng mga Suludnon ng Panay, isa sa pinakamatandang oral epics sa Pilipinas. Ipinapakita nito ang mga pananaw sa kabayanihan, kapangyarihan, at espiritwalidad ng mga sinaunang Bisaya (Fajardo, 2019; University of San Carlos Press, 2020).

Ang mga folkloristang Pilipino ay nagsasagawa ng mga pagsusumikap sa pamamagitan ng pananaliksik upang kolektahin, pag-aralan, at suriin ang mga kuwentong-bayan ng mga katutubong komunidad ng kultura sa Pilipinas. Gayunpaman, maliit na bahagi lamang ng mga kuwento ng Mindanao ang nakolekta at nasuri (Tuban, 2017). Ang kahalagahan ng pag-aaral na ito ay nakasalalay sa katotohanan na ang mga kuwentong-bayan ng isang bansa ay dapat mapanatili at pag-aralan upang maging batayang anyo ng kultural na identidad. Ang rehiyon ng Davao ay hindi lubos na nasakop ng mga Kastila, Amerikano, o Hapon; kaya't ang mga katutubong tao nito ay nakapagtangkang mapanatili ang kanilang natatanging kultura at mga tradisyon, kabilang ang kanilang pasalitang literatura (Tiu, 2017). Ang mga nakatatandang miyembro ng komunidad ay may sapat na kasigasigan upang matandaan pa ang kanilang mga kwentong-bayan. Sa ngayon, maraming mga tradisyunal na kwentong ito ang nanganganib na mawalan ng kabuluhan dahil ang mas batang henerasyon ng Lumad (isa sa mga Katutubong Mamamayan sa Mindanao) ay nalulubog sa akulturasyon.

Bilang isang lokal na naninirahan sa bayan ng Mabini, Davao de Oro , kung saan matatagpuan ang mga Kagan, ako ay nagtataka tungkol sa mga kuwento, naratibo, at mga salaysaying ipinapasa nang pasalita ng mga Kagan na naninirahan sa aming lugar . Ipinahayag ni Cruz (2023) na ang hindi pagkuha at pagdodokumento ng mga kwento ay maaaring magresulta sa unti-unting pagbabago ng mga katutubong paniniwala at pagsasanay sa mga iba't ibang interpretasyon sa bawat henerasyon. Ang kanilang mga kuwento, awiting-bayan at karunungang-bayan ay may limitadong dokumentasyon ukol sa lokal na panitikan. Wala pa akong naririnig na mga kuwento at naratibo tungkol sa panitikang katutubo ng Kagan sa buong Rehiyon XI bago ito makilala bilang mga panitikang rehiyunal .Dahil sa limitadong datos bilang mga yaman para sa kahalagahan nitong kultural, naudyukan ang mananaliksik na tuklasin ang pasalitang pamana mula sa mga bibig ng mga katutubong Kagan sa apat na probinsiya ng Rehiyon XI na may maibabahagi na mga katutubong panitikan na sumasalamin sa kanilang kultura, tradisyon at paniniwala na maging kapuri-puri at mapakinabangan ng mga mamayan ng buong Rehiyon. Ang isang pag-aaral ay nailathala online, ngunit ito ay kwalitatibong sinaliksik ang kolektibong karanasan ng katutubong Mansaka, na walang kaugnayan sa panitikan (Cabrigas et al. 2024). Sa limitadong datos bilang mga mapagkukunan para sa halaga ng kultura nito, ang mananaliksik ay naudyok na tuklasin ang pasalimbibig na pamana mula sa bibig ng yaman na panitikan ng Kagan.

May mga pag-aaral na tumatalakay sa kultura at tradisyon ng mga katutubo, limitado pa rin ang mga pananaliksik na nakatuon sa malalim na pagsusuri ng mga pasalimbibig ng mga katutubong grupo, lalo na sa konteksto ng kanilang kasalukuyang kalagayan at kung paano ito naipapasa sa mga kabataan sa modernong panahon. Karamihan sa mga umiiral na pag-aaral ay nakatuon lamang sa dokumentasyon ng mga pasalimbibig bilang bahagi ng kultura, ngunit kulang ang mga pag-aaral na sumusuri sa epekto ng modernisasyon, migrasyon, at pagbabago ng wika sa pagpapanatili at pagpapahalaga sa mga pasalimbibig ng mga katutubo. Bukod dito, kakaunti rin ang mga pananaliksik na tumatalakay sa papel ng media at teknolohiya sa pagbuo ng bagong anyo ng pasalimbibig o sa muling pag-interpretasyon ng mga tradisyunal na kwento ng mga katutubo.

Ang kwalitatibong pagsusuri na ito ay magbibigay ng kontribusyon sa limitadong batayan ng panitikan sa lokal na tanawin ng panitikan sa Rehiyon XI. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay maaaring magbigay-inspirasyon sa mga tagapagpatupad ng patakaran ng lokal na pamahalaan sa sektor ng edukasyon at sa mga akademiko upang gamitin ang lokal na materyales ng panitikan bilang kasangkapan sa pagtuturo, sa pormal at di-pormal na edukasyon, upang maunawaan at mapahalagahan ang sariling kultura, at upang buhayin ang ating pamana para sa mga susunod na henerasyon. Maaari rin itong magsilbing batayan para sa kontekstuwalisadong materyales na mapagkukunan para sa mga mag-aaral at iskolar ng panitikan na nagsasaliksik tungkol sa pasalimibibig ng yaman na panitikan ng Kagan.

**Layunin ng Pag-aaral**

Ang pananaliksik na ito ay matukoy ang pasalimbibig ng yamang panitikan ng Kagan na sumasalamin ng kultural at ekolohikal na dimensyon. Kung hindi masusuri ng mga kritiko ang mga Katutubong panitikan ng Kagan, ang mga pasalitang literatura ng Kagan ay malalagay sa panganib ng pagkawalang-bisa.

**Katanungan sa Pananaliksik**

1. Ano ang kuwentong pasalaysay ng katutubong kagan sa kanilang pasalimbibig na panitikan?
2. Ano ang mga katangiang lingguwistika ng mga panitikang ito?
3. Ano ang kultural at ekolohikal na dimensyon ng mga nabanggit na katutubong panitikan ?

**Rebyu ng mga Kaugnay na Literatura**

***Pasalimbibig***

Ang pasalimbibig ng yamang panitikan ng tribung Kagan ay mga orihinal na kwento na nagmula mismo sa bibig ng mga katutubong Kagan sa limang probinsya ng Rehiyon ng Davao. Ang konsepto ng tradisyong pasalita ay may mahalagang papel sa pag-iingat ng kultural na pamana sa iba't ibang lipunan. Ayon kay Hampate (2021), na binanggit ni Sanranza (2018), ang tunay na panitikan ay isang salamin ng malaking paaralan ng buhay dahil ang lahat ng aspekto nito ay sakop at apektado nito. Idinagdag ni Saranza (2018) na ang oral na panitikan ay nagsisilbing pinagmumulan ng kaalaman sa lipunan, ekonomiya, kalikasan, at pilosopiya**.**

Sa pag-aaral nina Hasanah at Andari (2020), mayroong mahalagang papel ang mga tradisyong pasalita kahit na nahaharap ito sa malawakang presensya ng social media. Katulad nito, sa pag-aaral ni Astawa (2023), ang mga pagsisikap na buhayin muli ang mga tradisyong pasalita hinggil sa epekto ng radikalismo sa lipunang Balinese ay may mahalagang papel sa paglaban sa mga ideolohiya at sa pangangalaga ng mga pagpapahalaga ng komunidad.

**Klasipikasyon ng Pasalimbibig ng Panitikan**

Ang pag-aaral nina Saul, Capiz, at Milan (2020), ang panitikang pasalita ay isang napakahalagang aspeto ng kulturang Pilipino, kung saan napapaloob ang mga naratibo pati na rin ang mga kuwentong-bayang lubos na naipasa mula pa sa mga nakatatandang henerasyon. Ang mga ito ay hindi lamang nakakaaliw sa marami, pati na rin nagbibigay rin ang mga ito ng aral at kaalaman. Ang mga aral at kaalaman na ito ay hinggil sa ating kapaligiran at kultura.

Ang pananaliksik ni Voogt et al. (2021),Ang mga pasalitang tradisyon at pagpapahayag na ito ay ganap na sumasaklaw sa lahat ng uri ng oral na porma, kasama na ang mga kasabihan, palaisipan, kuwento, mga awiting pambata, alamat, mito, epikong kanta at berso, mga orasyon, panalangin, mga awit, mga kanta, at dramatikong pagganap. Alinsunod naman sa pag-aaral ni Reyes (2023), ang pasalimbibig na panitikan ng mga katutubong tribu ay mahalagang bahagi ng kanilang kultura at pagkakakilanlan.

**Alamat**

Ang mga alamat ng Pilipinas ay mga kwentong kultural na sumasalamin sa mga halaga, paniniwala, at tradisyon ng iba't ibang pangkat etnolingguwistiko sa bansa. Ang mga alamat ay nagsisilbing tagapag-ingat ng kaalaman sa kasaysayan, aral moral, at tagapaghatid ng kultura.  Ayon sa aklat ni English (2020) ito ay alamat tungkol kay Bathala na naglalahad ng kanyang papel bilang pinakamakapangyarihang diyos sa mitolohiyang Pilipino, na siyang lumikha ng mundo at tagapangalaga ng kalikasan at tao.Ang kilalang alamat ay ang kwento ni Bathala at ni Mayari, ang diyosa ng buwan, na nagpapakita ng mga tema ng pag-ibig, selos, at pagpaparaya, at nagtuturo ng kahalagahan ng pagkakaunawaan at respeto para sa pagkakasundo at kasaganaan sa buhay.

Sa aklat ni Piirto (2021), sa isa pang alamat, ipinapakita kung paano nilikha ni Bathala ang mundo matapos ang pagpatay kay Ulilang Kaluluwa, isang malaking ahas na diyos, sa isang labanan para sa kapangyarihan. Matapos nito, nilikha ni Bathala ang mga halaman, hayop, at unang tao, at itinuro sa kanila ang paggamit ng mga likas na yaman tulad ng niyog para sa pagkain, tirahan, at kagamitan.

**Kuwentong-Bayan**

Sa pananaliksik ni Manuel, binigyang-diin ang mga tradisyong pasalita bilang tagapangalaga ng pamana ng kultura at kung paano ang mga tradisyong ito ay nagdadala ng kaalaman sa kasaysayan na ipinapasa upang lalo pang palakihin ang mga pagkakakilanlan ng kultura ng maraming grupo ng etnolinguistikong komunidad sa bansa. Ang "Philippine Oral Traditions: Theory and Practice" ni Manuel (2017) ay isang pangkalahatang paglalarawan ng teorya at likas na pagsasanay sa mga tradisyong pasalita sa Pilipinas mga alamat, mga kuwentong-bayan, mga personal na kuwento kasama ang mga mungkahi. Ayon kay Maralit at Sultan (2024), ang mga suliranin sa kwentong bayan ay nagsisilbing salamin ng mga tunay na hamon sa lipunan at kalikasan. Kadalasan, ito ay tungkol sa kasakiman, pandaraya, hindi pagsunod sa batas, at mga problemang panlipunan na nagbibigay-aral sa mga mambabasa o tagapakinig upang maiwasan ang mga ito sa totoong buhay. Sa pamamagitan ng paglalahad ng mga suliraning ito, naipapasa ang mahahalagang aral at pagpapahalaga sa kultura at moralidad ng isang komunidad.

Pinatunayan nina Ilagan (2020), Guromba (2019) na ibinabatay ang mga kuwentong bayan  na sumasalamin sa tradisyon ng mga tao na nagpapakita ng kanilang pagkakakilanlan. Dagdag na rin ni Aggarao (2016) mula sa kanyang dokumentaryong pagsusuri na nagpapakita na dapat bigyang pansin ang natatanging kultura at panitikan kasabay ang modernisasyon.

Ang pag-aaral ng kwentong bayan ayon kay Montenegro (2022) ay mahalaga upang mapanatili ang identidad ng isang lipunan at maipasa ang mga aral at kultura sa mga susunod na henerasyon. Nakasaad din na ang mga kwentong bayan ay may malaking ambag sa paghubog ng pagkatao at pagpapahalaga ng mga kabataan .

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Awiting- Bayan**

Ang awiting-bayan ay naglalarawan ng pang-araw-araw na buhay, kaugalian, at kasaysayan ng mga tao sa isang lugar o bansa. Ang mga awiting-bayan ay madalas na tinatanghal sa mga okasyon tulad ng pista, kasal, at iba pa, at nagsisilbing salamin ng kultura at pagkakakilanlan ng mga Pilipino (Llaneta, 2020). Dagdag pa rito binanggit ni Reyes (2023) ang awiting-bayan ng mga Pilipino ay pumapaksa ng iba't ibang pamumuhay at pag-uugali ng mga tao, ng mga kaisipan at damdamin ng bayan, ipinahahayag din dito ang mga katangian at kasiglahan sa buhay ngating mga ninuno at nagpapahayag ng damdamin, kaugalian, hanapbuhay at paniniwala ng mga Pilipino. Malaki ang impluwensya ng mga awiting bayan sa kasaysayan ng daigdig. Isa na ang bansang Pilipinas na binubuo ng iba't ibang pangkat -etniko.

Ang mga awit sa Pilipinas ay sinasalamin ang mayaman na kulturang nag-uugat pareho sa katutubong pinagmulan at sa impluwensya mula sa labas, at gayundin sa resulta ng pag-aangkop dito at pagsasanib ng mga ito. Ang awitin ay sumasalamin sa kultura ng mga tao sa isang lugar. Ito ay ang pagbuo at pagsasama sama ng mga salita ay paglalapat ng tono na nagpapahayag ng kanilang damadamin at nakikita (Delia Gamboa Besa, 2018).

**Kagan**

Ang pangalang Kagan ay nagmula sa salitang "Kaag" sa wikang Cebuano (Visayan), na nangangahulugang babala. Noong sinaunang panahon, isang misyonaryong Muslim mula sa Borneo, Malaysia, na may hawak na posisyon ng 'sarip', ang dumating sa Santiago, Davao Oriental, upang patuloy na magbigay ng mga babala sa mga tao tungkol sa pagkakaroon ng Diyos; may araw ng paghuhukom; may batas ni Allah; at may paraiso at impyerno, habang siya ay sumasamba kay Allah sa malaking itim na bato. Sa paglipas ng mga taon, ang mga taong naniwala sa mga aral ng 'sarip' ay tinawag na Kagan at nakilala bilang mga debotong tagasunod ng Islam sa rehiyon ng Davao (Tiu, 2020).

**Kultural Dimensyon**

Ang kultura, na madalas na itinuturing na isang konsepto ng Kanluran, ay madalas na nasa laylayan bilang isang kasangkapan para sa paglalarawan at pag-uuri ng mga nasa laylayan na pamayanan, gaya ng binanggit ni Edward Said (2017) na binanggit ni Cabazares (2018). Ito ay nagsisilbing isang instrumento ng kolonyalismo para sa paglalarawan ng mga nasa ibaba na grupo, na inilalarawan sila bilang eksotiko, primitibo, o hindi napapailalim.

Sinabi ni Chirino (2018) na ang konsepto ng "kultura" ay may kahalagahan sa loob ng balangkas ng mga lupang ninuno. Ang Indigenous Peoples Rights Act (IPRA) ay nagbibigay ng mga titulong panglupa sa mga rehiyon na inaangkin ng mga katutubong pamayanan bilang kanilang mga lupang ninuno. Ang legal na probisyon na ito ay nagsisilbing isang mekanismo ng pagpapalakas, na nagpapalakas ng pagkakaroon ng pag-aari at pagkakakilanlan sa mga pamayanang ito, sa kabila ng kanilang pinagmamalaking kawalan ng mga mapagkukunan. Ang pag-aari ng komunidad, na kinatawan ng kultura ay hindi lamang isang ekonomiko o legal na kasangkapan para sa mga katutubong grupo; sa halip, ito ay nagpapatunay sa kanilang wastong paninirahan sa kanilang mga lupa. Sa katunayan, ito ay sumasalamin sa mga konsepto ng pag-aari, karapatang pantao, awtonomiya, at pagkilala sa kanilang pag-iral. Sa pag-aaral ni Ritzer( 2022), ang globalisasyon ng kultura ay tumutukoy sa simbolikong konstruksiyon, artikulasyon, at diseminasyon ng kahulugan. Dahil ang lengguwahe, musika, at mga imahe ay bumubuo sa pangunahing uri ng ekspresyong simboliko, mayroon silang espesyal na halaga sa larangan ng kultura.

**Ekolohikal Dimensyon**

Ang ekolohikal na dimensyon ng panitikan ay tumutukoy sa mga paraan kung paano ang panitikan ay nakikibahagi, sumasalamin, o tumatalakay sa mga usaping ekolohikal, relasyon, at dinamika (Carson, 1962) na binanggit ni Meyer (2021). Kalakip nito ang iba't ibang tema, motibo, at naratibo na naglalarawan ng interaksyon ng tao sa likas na mundo, pagkasira ng kalikasan, kabuhayang pangkalikasan, pagpapanatili ng kapaligiran, at ang pagkakaugnay-ugnay ng mga ekosistema. Ang makasaysayang akda ni Rachel Carson na *Silent Spring* (1962) ay kinikilala bilang tagapaglikha ng bagong genre na tinatawag na agham na nonfiction na panitikan. Sa kanyang pag-aaral, pinagsama ni Meyer (2021) ang agham pangkapaligiran sa naratibong pagsasalaysay, na nagpasiklab ng mas mataas na kamalayan at interes sa mga isyung pangkapaligiran.

Ang hindi pagkuha at pagdodokumento ng mga kwento ay maaaring magresulta sa unti-unting pagbabago ng mga katutubong paniniwala at pagsasanay sa mga iba't ibang interpretasyon sa bawat henerasyon. Sa isang silid-aralan, sa ilalim ng Creative Writing at 21st Century Literature para sa senior high school, kulang ang mga mag-aaral ng sapat na exposure sa panitikan noong mga naunang taon ng kanilang edukasyon. Bukod pa rito, kulang ang paaralan ng mga aklat-aralin para sa mga lokal na panitikan. Malaki ang pag-asa ng mga mag-aaral sa mga resources mula sa internet at mga aklat-aralin na ibinigay ng mananaliksik (Cruz, 2023) Dahil dito, napansin ni Luardo (2023) na nahirapan ang mga mag-aaral na maunawaan ang mga pangunahing elemento ng mga paksa.

Ang pagpapanatili ng pasalitang panitikan ay puno rin ng mga hamon. Sa parehong direksyon, isang pag-aaral nina Luhar at Nimavat (2022) ang nakatuon sa mga problema na lampas sa mga isyu ng pagsasalin sa pasalitang panitikan. Sa katunayan, ang kanilang mga natuklasan ay nagpapatunay na ang mga komplikasyong lingguwistiko at kultural ay tiyak na nararanasan sa panahon ng pagsasalin. Sa kabila ng mga ganitong isyu, ang pagdodokumento at pagpapanatili ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

pasalitang panitikan ay kinakailangan pa rin upang iligtas ang ganitong kayamanang kultural.

## METODO

### Disenyo

Ang kwalitatibong pananaliksik ay madalas gumagamit ng pamaraang tulad ng pakikipanayam, obserbasyon at pagsusuri ng mga teksto o mga sinaunang kagamitan na naglalayong magbigay ng malalim at detalyadong pag-unawa sa isang partikular na isyu o konteksto. Ayon kay Creswell (2017), ang kwalitatibong pag-aaral ay nakatuon sa iba't ibang metodolohikal na pagsisiyasat na gumagalugad sa mga isyung may kinalaman sa tao at lipunan. Sa karagdagan, ayon kay Aspers (2019), ang kwalitatibong pananaliksik ay nangangalap at sumusuri ng mga datos na kung tawagin ay *non-numerical data*. Bibigyang interpretasyon ayon sa konteksto ng pag-aaral upang higit na maunawaan ang mga kaganapan sa buhay ng tao at ng lipunan sa pamamagitan ng tiyak na populasyon.

### Partisipante sa Pananaliksik

Ang sakop sa pag-aaral ay ang probinsiya ng Davao de Oro: partikular sa munisipalidad na may mataas na konsentrasyon ng mga Kagan na aktibong tagapag-ingat ng kanilang yamang panitikan at kabilang ang mga munisipalidad ng Mabini, Maco at Pantukan. Ayon kina Clarke at Braun (2018), ang sukat ng sample sa kwalitatibong pananaliksik ay dapat nasa pagitan ng anim hanggang sampung kalahok upang makakuha ng masagana at detalyadong naratibo.

### Pamamaraan sa Pagkuha ng mga Datos

Ang kwalitatibong pananaliksik ay madalas gumagamit ng pamaraang tulad ng pakikipanayam, obserbasyon at pagsusuri ng mga teksto o mga sinaunang kagamitan na naglalayong magbigay ng malalim at detalyadong pag-unawa sa isang partikular na isyu o konteksto. Ayon kay Creswell (2017), ang kwalitatibong pag-aaral ay nakatuon sa iba't ibang metodolohikal na pagsisiyasat na gumagalugad sa mga isyung may kinalaman sa tao at lipunan. Sa karagdagan, ayon kay Aspers (2019), ang kwalitatibong pananaliksik ay nangangalap at sumusuri ng mga datos na kung tawagin ay *non-numerical data*. Bibigyang interpretasyon ayon sa konteksto ng pag-aaral upang higit na maunawaan ang mga kaganapan sa buhay ng tao at ng lipunan sa pamamagitan ng tiyak na populasyon.

Ang pag-aaral ay isinagawa mula Hunyo hanggang Agosto 2025. Ang mananaliksik ay unang tatalima sa mga kinakailangang dokumento ng gradwadong paaralan ng UIC at ipapasa ang papel sa Komite ng Etika sa Pananaliksik ng UIC (UIC-REC) upang suriin at sertipikahan bago simulan ang proseso bago ang pangangalap ng datos. Ang pangangalap ng datos ay magsisimula sa pagpunta ng mananaliksik sa Tanggapan ng NCIP Region XI sa Davao City. Magpapasa ng liham ng intensyon at ang Proposal Manuscript para sa pagsasagawa ng panaliksik sa Direktor ng Rehiyon ng NCIP. Hintayin ang pagpapababa ng Work Order ng tanggapan patungo sa Tanggapan ng Probinsya ng NCIP ang Davao De Oro na magiging sakop sa pag-aaral. Kapag naibaba na ang work order para sa pagsasagawa ng pag-aaral, magpapatawag ng isang pulong ang tanggapan ng NCIP Davao De Oro sa mananaliksik kasama ang ibang kinatawan ng tanggapan ng NCIP.

Ibibigay at ipapaliwanag ng Tanggapan ang daloy ng proseso ng pagsasagawa ng pag-aaral. Kasunod nito ay ang pagkakaron ng Pre Conference sa mananaliksik at sa tatlong Tribal Chieftain ng Kagan ng munisipyo ng Pantukan, Mabini at Maco, sa pagpupulong hihingiin ng mananaliksik ang patnugot sa mga chieftain tungkol sa pagsasagawa ng FPIC Validation at pagkuha ng FPIC Clearance kasama ang mga kinatawan ng tanggapan ng probinsya ng NCIP Davao De Oro. Kapag pumayag na ang mga Chieftain kaagad magtatakda ng araw ang tanggapan ng NCIP Davao De Oro ng FPIC Validation. Sa FPIC Validation iimbitahan ng tanggapan ng NCIP ang mga BTC o Barangay Tribal Council sa naturang munisipyo kasama ang mga Tribal Chieftain ng Kagan sa tatlong munisipalidad inaasahan na aabot ng tatlumpu hanggang apatnapu na mga Kagan ang dadalo.

Sa FPIC Validation magkakaroon ng isang programa at sisimulan ng mga kinatawan ng NCIP sa papagpapaliwanag sa layunin ng naturang gawain dito rin ipapaliwanag ng mananaliksik sa mga dumalo na kasali sa komunidad ng Kagan ang layunin at kahalagahan ng pag-aaral na gagawin at ang ang magiging benepisyo nito kapag natapos na ang pag-aaral. Dito rin ipapakilala ng mga Tribal Chieftain ang magiging kalahok ng pag-aaral. Kapag wala ng mga tanong at pumayag na lahat na isasagawa na ng mananaliksik ang pag-aaral, ang mga Tribal Chieftain, kinatawan ng NCIP at ang magiging kalahok ay lalagda na sa ginawa na resolution ng NCIP na kung saan nakasaad ang lahat ng kasunduan ng Tribu at ng Mananaliksik. Ipapadala ng NCIP Davao De Oro ang report tungkol sa ginawang FPIC Validation sa tanggapan ng NCIP Region XI para sa pagpapalabas at pagbibigay ng Clearance Certificate o di kaya Sertipiko ng Katibayan na ang mananaliksik ay dumaan na sa proseso ng pagkuha ng clearance sa NCIP at ipapasa ito sa tanggapan ng REC ng UIC at hihintayin ang clearance ng REC at ipapasa sa tanggapan ng Dekano ng gradwadong paaralan ng UIC para sa endorsement letter mula sa Dekana upang mapahintulutan na magsasagawa ng pananaliksik sa probinsya ng Davao de Oro partikular ang tatlong munisipalidad ang Mabini, Maco at Pantukan.

### Pagsusuri ng Datos

Sa pagsasagawa ng kwalitatibong pananaliksik sa pag-aaral, isinailalim sa isang masusing pagsusuri ang aming manuskrito. Ito ay binigyang-puna upang matiyak na angkop ang proseso at masiguro na masunod ang etikal na konsiderasyon bilang pagbibigay proteksyon na rin sa mga kalahok.

Sisimulan ang pagsusuri sa pamamagitan ng pakikinig at panonood sa mga nakuhang video at audio mula sa

pagbabahagi ng Kagan ng kanilang yamang panitikan sa maayos at kumpletong detalye at may malawakang pag-intindi sa mga ito. Maayos na pinag-aralan ng mananaliksik ang bawat salimbibig para sa mga paulit-ulit na mga tema, motibo, at estruktura ng salaysay. Pagkatapos nito, susuriin at pangkatin ng mananaliksik ang mga salaysay upang matukoy ang disenyo at relasyon sa loob ng datos. Ito ay magpahintulot sa mananaliksik na magbalangkas ng mga karaniwang tema at mga direksyon ng kuwento na magbigay ng mas malalim na kahulugan sa mga kuwentong kolektibo.

Maingat na sinuri ang mga nakalap na datos batay sa tunguhin at pangangailangan ng pananaliksik. Naglalahad ito nang sapat na pag-susuri sa mga tugon ng partisipante upang mabuo ang mga resulta. Ayon kay Khan (2020) may limang pamamaraan sa pag-aanalisa ng datos batay sa pagkasusunod-sunod na hakbang sa kwalitatibong pag-aanalisa ng datos. Kalakip dito ang *data coding* at *thematic analysis* na siyang gagamitin na hakbang sa pag-aanalisa ng datos sa pag-aaral na ito.

Ang *data coding* sa kwalitatibong pag-aaral ay nangangahulugang pagtala ng antas at code sa iba't ibang seksyon ng teksto na nauugnay sa problema ng pag-aaral. Isasagawa ang *coding* na naglalayon na paikliin ang mga datos sa pamamagitan ng pag-uri-uri ng mga impormasyong makakalap upang ito ay mapapamahalaan sa tulong ng makabuluhang pagbalangkas (Khan, 2020).

**Etikal na Konsiderasyon**

Bilang mananaliksik, ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagpapanatili ng pinakamataas na pamantayang etikal sa pagsasagawa ng pananaliksik. Upang matiyak ang pangangalaga sa mga karapatan at kapakanan ng lahat ng kalahok, ang pag-aaral ay isusumite para sa pagsusuri at pag-apruba ng University of the Immaculate Conception Research Ethics Committee (UIC-REC). Sa pamamagitan ng prosesong ito, natitiyak na ang lahat ng hakbang ay alinsunod sa mga itinakdang etikal na gabay at polisiya ng institusyon.

Taglay nito ang kinakailangang kakayahan at kaalaman upang maisagawa ang pananaliksik nang may pananagutan at kahusayan, sa ilalim ng paggabay ng aking tagapayo at sa pakikipagtulungan sa mga miyembro ng panel na nagbibigay ng mahahalagang pananaw at suporta sa buong proseso. Bukod pa rito, aking gagamitin ang pasilidad ng institusyon gaya ng UIC Library at iba pang pasilidad upang matiyak ang katumpakan, integridad, at akademikong kalidad ng pananaliksik. Ang mga ito ay may mahalagang papel sa pagbuo, pagpapatupad, at pagtatapos ng pag-aaral.

**Resulta ng Pag-aaral**

**Propayl ng mga Kalahok**

**Talahanayan 1.1**

| Code | Partisipante | Paglalarawan |
|---|---|---|
| UNK 1 | Isang Datu | Si UNK 1 ay isang animnaput-pitong (67) taong gulang na ipinanganak sa lungsod ng mabini.Isa siyang hamak na mangingisda sa naturang nayon. |
| UNK 2 | Ang pinuno ng kanilang Tribu | Nakilala si UNK 2 sa kanilang nayon bilang Pinuno ng kanilang Tribu. Isa siyang negosyante na bantog sa kaniyang pagiging matulungin. Siya ay animnapung taong gulang at simula pagsilang ay hindi na umalis sa kanilang lugar. |
| UNK3 | Barangay Health worker (BHW) | Ang kanyang edad ay katumbas ng haba ng panahon na siya'y naninirahan malapit sa kanilang simbahan. Batid niya nang lubos ang mga tao sa kanilang lugar, kabilang ang mga pagbabagong naganap sa kanilang sitio. |
| UNK 4 | Magsasaka | Isang magsasaka sa bundok ng Mabini. |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | | |
|---|---|---|
| UNK 5 | Mangingisda | Bantog ang kinabibilangan niyang pamilya dahil halos ng kapamilya niya ay nasa politika. Pitumput-taong (77) gulang na isinalang sa lungsod ng Mabini. |
| UNK 6 | Balik-bayan | Si UNK 6 ay lumaki at isinilang sa lungsod ng Mabini, sa hirap ng buhay kaya siya nangibang bansa noong siya 40 taong -gulang . Mahilig siya sa awit kaya naman awit ang kaniyang ibinahagi na panitikan. |
| UNK 7 | Dating Guro sa Pampublikong Paaralan | Si UNK 7, isang 70-taong-gulang na naninirahan sa Barangay Bongbong Pantukan ay dating guro sa pampublikong paaralan . Siya ay may mga kuwento mula pa noong panahon ng malaking baha, ngunit ang pinakamahalagang ambag niya sa kuwentong ito ay ang kanyang mga bugtong at mga personal na pananaw tungkol sa pamumuhay ng kanilang Tribu. |
| UNK 8 | Pinuno ng kanilang Tribu | Siya ang itinalagang Pinuno ng kanilang Tribu sa kanilang lungsod. Sa Bongbong Pantukan siya ipinanganak at lumaki hanggang sa siya ay nakapag-asawa na rin. |
| UNK 9 | Pinuno ng kanilang Tribu at dating miyembro ng Philippine National Police | Si UNK 9 ay bantog sa kanilang lugar bilang Tagapayo sa kanilang Tribu. Siya ang nilalapitan kapag may mga suliranin ang kaniyang mga Ka-tribu. |
| UNK 10 | Guro ng Madrasa sa kanilang lungsod. | Isang magaling na guro sa Madrasa sa kasalukuyan si UNK 10 sa Bongbong, Pantukan. Mayaman siya sa kuwento at bugtong na minana pa niya sa kaniyang mga ninuno. |

**Talahanayan 1.2**
**Propayl ng mga Materyales sa Pananaliksik**

| Kodigo | Pamagat ng Panitikan | Paglalarawan | Tagapagsalaysay |
|---|---|---|---|
| SUNK1 | Si Yaya | Ang salimbibig na ito ay isang Oyaye, na inaawit ng kanilang mga Ninuno habang pinapatulog ang mga Kabataan noong unang panahon. | UNK9 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| SUNK 2 | Alamat ng Kasili | Ito ay kuwento tungkol sa isang binata na gustong magpakasal sa dalagang anak ng isang Datu. May kahilingan ang Ama ng dalaga at hindi ito kaya ng binata kaya namn isang kasili sa dagat ang tumulong sa kaniya para mapakasalan niya ang anak ng Datu. | UNK1 |
| SUNK3 | Ang Kuwento ng Palaka, Alitaptap, at Leon | Ang pabula ay umiikot sa isang gabi ng kaguluhan sa kagubatan kung saan nagsimula ang lahat dahil sa ingay ng palaka. Dahil dito, nagising si Haring Leon, ang kinikilalang hari ng kagubatan, at nagalit dahil sa ingay na bumabalot sa paligid. Ipinatawag niya ang mga hayop upang malaman ang pinagmulan ng kaguluhan. | UNK4 |
| SUNK4 | Alamat ng Kagan | Ang “Alamat ng Kagan” ay isang makulay na kuwento ng pinagmulan ng mga Kagan, isa sa mga katutubong pangkat sa Mindanao | UNK3 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| SUNK5 | Alamat ng Malong | Sa simula ng alamat, ipinakilala si Prinsesa Maolangan, isang napakaganda at mabait na prinsesa na mahilig sa mga bulaklak. Dahil sa kanyang hilig, ipinagawa ng Hari ang isang napakagandang hardin na puno ng samu’t saring magagandang bulaklak. | UNK5 |
| SUNK6 | Si Pilandok at Si Apila | Ang kuwentong “Si Pilandok at si Apila” ay isang pabula na naglalarawan ng katalinuhan, pagiging tuso, at likas na talino ni Pilandok, na kilala bilang isang maparaan at mapanlinlang na hayop, laban kay Apila, isang malakas ngunit madaling malinlang na nilalang. | UNK6 |
| SUNK7 | Ang Pagmamahal ng Dalawang Dalaga | Ang kuwentong “Ang Pagmamahal ng Dalawang Dalaga” ay isang kuwentong-bayan na naglalarawan ng pagmamahal, pagsasakripisyo, at ang kakaibang epekto ng labis na pag-aalaga ng dalawang asawa sa kanilang pinunong Datu. | UNK7 |
| SUNK8 | Bugtong 1 | Kapag lumilipad parang panyo Kapag lumalapag, parang kamao **Sagot: paniki** | UNK8 |
| SUNK9 | Bugtong2 | Kapag masaya, maliit | UNK8 |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | kapag galit, Malaki **Sagot: Mata** | |
| SUNK10 | Bugtong3 | Tumakbo kahit bata pa Nadapa sinabayan na **Sagot: Alon** | UNK8 |
| SUNK11 | Bugtong 4 | Kahoy-kahoy na pantay Namunga nang maayos **Sagot: Palay** | UNK8 |
| SUNK12 | Bugtong 5 | Itinanim hindi kinakain Dinadala-dala lang **Sagot: Pagtina sa Banig** | UNK8 |
| SUNK13 | Salawikain | Ipinapahayag ng salawikaing ito na ang taong maingay, mayabang, at palaging nagpapakita ng kanyang sarili ay madalas na kulang naman sa lalim ng pag-iisip, kaalaman, o kakayahan. | UNK10 |
| SUNK14 | Ang Agimat | Ang kuwentong ito ay naglalahad ng isang madilim at mahiwagang kaganapan noong panahon ng malakas na rebolusyon ng MNLF (Moro National Liberation Front). | UNK2 |

Ang mga salaysay ay pangunahing umiikot sa mga yamang panitikan ng kanilang Tribu. Ang bawat salaysay ay iniuugnay sa isang tiyak na tagapagsalaysay na tinutukoy sa pamamagitan ng kani-kanilang kodigo.

UNK1. Si UNK1 ay may salimbibig tungkol sa isang binata na gustong magpakasal sa dalagang anak ng isang Datu. May kahilingan ang Ama ng dalaga at hindi ito kaya ng binata kaya naman isang kasili sa dagat ang tumulong sa kaniya para mapakasalan niya ang anak ng Datu. Ibinahagi niya na ang kuwentong tungkol sa binatang gustong magpakasal sa isang dalaga ay tumatak na sa isipan ng buong Tribu. UNK2. Ito ay maikling kuwento mula Kay UNK2 na tungkol sa ginagamit na agimat noong panahon ng rebolusyon ng MNLF. Sa gitna ng kaguluhan, ginamit ng mga mandirigma ang agimat isang makapangyarihang anting-anting na nagmula sa isang ritwal na puno ng kababalaghan at kabangisan. UNK3.

Isinalaysay naman ni UNK3 ang isang Alamat na nakatuon sa pinagmulan ng lahi at pagkakakilanlan ng komunidad. Ito ay isang makulay na kuwento ng pinagmulan ng mga Kagan, isa sa mga katutubong pangkat sa Mindanao. Inilalarawan nito ang pagsilang ng isang angkan mula sa kakaibang pangyayari, pag-ibig, at pakikipagsapalaran.UNK4. Isang pabula naman ang ibinahagi ni UNK4 na umiikot ang istorya sa gingawa ng palaka, alitaptap at Leon na sumasalamin sa kapangyarihan, kaaayusan at katarungan. Ang pabula ay umiikot sa isang gabi ng kaguluhan sa kagubatan kung saan nagsimula ang lahat dahil sa ingay ng palaka. Dahil dito, nagising si Haring Leon, ang kinikilalang hari ng kagubatan, at nagalit dahil sa ingay na bumabalot sa paligid. Ipinatawag niya ang mga hayop upang malaman ang pinagmulan ng kaguluhan. UNK5.

Ang salimbibig ni UNK5 ay ang Alamat ng Malong ito ay nagpapakita ng pagkakaugnay ng kultura, pag-ibig, at sining. Sa likod ng kwento ng pag-iibigan nina Prinsesa Maolangan at Prinsipe Mar, makikita ang simbolismo ng *malong* bilang tanda ng pagkakakilanlan at pamana ng mga Kagan. Dagdag pa nito isinalaysay ng UNK5 na sa simula ng alamat, ipinakilala si Prinsesa Maolangan, isang napakaganda at mabait na Prinsesa na mahilig sa mga bulaklak. Dahil sa kanyang hilig, ipinagawa ng Hari ang isang napakagandang hardin na puno ng samu't saring magagandang bulaklak. Sa hardin ito nag-umpisa ang pag-ibig sa pagitan ni Prinsesa Maolangan at ni Prinsepe Mar mula sa ibang kaharian. UNK6. Ibinahagi ang kuwento ni UNK6 tungkol kay Pilandok bilang isang tusong hayop, na kumakatawan sa talino at pagiging maparaan ng mga tao upang makaligtas sa mga pagsubok. Ang kuwentong "Si Pilandok at si Apila" ay isang pabula na naglalarawan ng katalinuhan, pagiging tuso, at likas na talino ni Pilandok, na kilala bilang isang maparaan at mapanlinlang na hayop, laban kay Apila, isang malakas ngunit madaling malinlang na nilalang. UNK7.

Ang kuwento ni UNK7 ay tungkol sa pagkalinga ng dalawang asawa sa kanilang pinunong Datu, naipapakita ang kahalagahan ng pag-aalay ng sarili para sa mas nakatataas na layunin. Nakikita rito ang konsepto ng pagkakaisa at pagbibigay-halaga sa liderato, na mahalaga sa estrukturang panlipunan ng mga Kagan. Ang kuwentong "Ang Pagmamahal ng Dalawang Dalaga" ay isang kuwentong-bayan na naglalarawan ng pagmamahal, pagsasakripisyo, at ang kakaibang epekto ng labis na pag-aalaga ng dalawang asawa sa kanilang pinunong Datu. UNK8. Si UNK8 ay nagbahagi ng mga bugtong at salawikain ay bahagi ng karunungang-bayan ng mga Kagan, na nagiging daluyan ng pagsusuri ng talino at wika. Ang mga bugtong gaya ng *"Kapag lumilipad parang panyo, kapag lumalapag parang kamao"* (paniki) ay nagpapakita ng malikhaing paglarawan ng kapaligiran. Dagdag pa ni UNK8 sa ganitong paraan, ang mga bugtong at salawikain ay nagiging epektibong paraan ng

pagsasalin ng kaalaman, pagpapahalaga, at kabutihang-asal sa kabataan. UNK9. Ang kuwento ni UNK99 ay sumasalamin sa kultura ng kanilang Tribu na sa tuwing nagpapatulog ng bata kinakantahan muna nila ito upang makatulog nang mahimbing. Ayon sa kaniya, Ang bawat liriko ay naglalaman ng damdamin, panalangin, at pag-asa ng mga magulang para sa magandang kinabukasan ng kanilang mga anak. Dagdag pa niya ipinapakita ng ganitong anyo ng panitikan ang kahalagahan ng oral na tradisyon bilang daluyan ng pagpapasa ng kultura mula sa matatanda patungo sa kabataan. UNK10. Si UNK10 ang nagbahagi ng isang salawikain na matalinghagang pahayag na tumutukoy sa mga taong mahilig magmalaki o magyabang kahit kulang naman sa tunay na kakayahan o kaalaman. Dagdag pa niya, ipinapakita nito na katulad ng isang mababaw na ilog na madaling mag-alon at lumikha ng ingay, ang taong mayabang ay madalas na gumagawa ng maraming kilos at salita upang mapansin, ngunit kung susuriin ay kulang sa laman at substansya. *"Ang taong maingay, mayabang, at palaging nagpapakita ng sarili ay madalas na kulang sa lalim ng pag-iisip."*

**Ang mga Kuwentong Pasalaysay ng Kagan ng kanilang Yamang Panitikan**

Ang mga salimbibig ng mga yamang panitikan ng Kagan ay isang kalipunan ng mga kuwento, awit at karunungang-bayan na sumasalamin sa kultura ng buong tribu. Sa pamamagitan ng mga yamang panitikang ito, malalaman at higit na mauunawaan ang kanilang kultura, paniniwala, tradisyon, at pananaw sa buhay na siyang bahagi ng kanilang kolektibong pagkakakilanlan at hindi lamang nagtatala at nagsusuri ng yamang panitikan ng mga Kagan kundi nagsisilbi rin itong tulay upang maipakilala sa buong bansa ang kanilang kultura at mapanatili ang kanilang mga salaysay bilang mahalagang bahagi ng ating pambansang pamana.

Alamat. Sa salimbibig na ito ng mga kuwento, tungkol sa pinagmulan ng tao, hayop at bagay aking napansin ang malinaw na kasaysayan ng ugnayan sa pagitan ng mga tao, ng kalikasan, at ng mga kultura na kaisipan sa hanay ng mga unang nainirahang Kagan sa tatlong lungsod na napili. Ang mga kuwentong ito ay nagsilbing pundasyon ng pagpapanatili ng yamang panitikan ng tribu na nagmula sa salimbibig ng mga unang naninirahan na Kagan.

Nagsimula ang paglahad ng mga salaysay mula sa alamat tungkol sa paniniwala ng tribung Kagan. Kabilang dito ang mga alamat na pinamagatang "*Alamat ng Kasili*, ( Ang kasunduan ng Mahirap na Lalaki at ang Kasili ), ang *Alamat ng Kagan* at ang *Alamat ng Malong*. Ipinapakita ng mga kuwentong ito ang ugnayan ng lipunan sa kapaligiran, espirituwalidad, at maging ang aspeto ng pamumuhay ng mga unang taong naninirahan sa kanilang lugar.

Ang detalyadong paglalahad ng bawat kuwento ay may nakatalagang mga kodigo na **SUNK2, SUNK4** at **SUNK5**.

Ang alamat ay isang tradisyunal na kuwento o pangkat ng mga kuwento na isinasalaysay tungkol sa isang partikular na tao o lugar. Hindi tulad ng mga mito na kadalasang nagpapaliwanag ng pinagmulan ng mundo o ng mga likas na penomena, ang mga alamat ay karaniwang nakaugat sa mga makasaysayang pangyayari at tauhan, bagaman madalas itong nadaragdagan ng mga elementong kamangha-mangha habang lumilipas ang panahon. Ipinapasa ang mga ito mula sa isang henerasyon patungo sa susunod, pinaghalo ang mga makasaysayang katotohanan at mga kuwentong bayan, at nagsisilbi itong paraan upang mapanatili ang pamanang kultural at maiparating ang mga aral sa buhay.

**Yang Gugudanon ng Kasili**

Una singyan, awng isa ka miskin. Mapangasawa sang anak ng datu. Akalliniyan ta kaw, basta makada kaw adi ng tubig. Yang alasakan mo ng tubig yang bukag. Adto kaw kumamang ng tubig sa sum-mog. Pag datong adto sa sum-mog, yaga da ng bukag yang miskin. Yaga hinuktok. Unong pagkakamang ko ng tubig, na malusot man yang tubig. Yatunga yang kasili. Lawng ng kasili, uno yang problema mo? Lawng ng miskin mapangasawa ako sang anak ng datu. Di yan mallini, kalliniyan gyd nan ako kung makada ako nang tubig na alasak sang bukag.

Lawng ng kasili atabangan takaw pero maga jandi kita na taman sa taman, kaliwat mag kaliwat di kaw pwede kuman sang kanami. Kung kuman man gani kamo, akatun kamo. Nah sige. Lyumasak yang kasili sang bukag yag tuyok-tuyok sang sud ang bukag.yang landog ng kasili ingyan yang yaka bulit sang bata ng bukag. Pagka bulit na buwad buwada tagbi. Pagka buwad, yagango. Nah sawka yang tubig, suduwa da adto sa iyo. Pangasawa adto. Pag datong adto lang ng dato yamakada kaw ng tubig? Yani man yang ipangayo mo maka asawa gayd ako sang anak mo. Nah pagpakawin kamo.

**Alamat Ng Kasili**

Noong unang panahon, may isang mahirap na binata na umibig sa anak ng Datu.nais niyang pakasalan ito,ngunit hindi basta basta pumapayag ang Datu. sinasabi ng Datu na papayag lamang siya kung mapupuno ng tubig ang isang malaking bukag na may butas mula sa sapa isang imposibleng hamon.

Dahil sa kalungkutan at pagkadismaya, pumunta ang binata sa sapa at nagmuni muni doon. Habang nakaupo sa tabi ng tubig, lumitaw ang isang kasili at kinausap siya.Tinanong ng kasili kung ano ang kanyang problema at ibinahagi ng binata ang kanyang sitwasyon.
Naawa ang kasili at nangakong tutulong ngunit may isang kondisyon.

Mula sa araw na iyon at magpakailanman ang kanyang mga magiging anak at apo ay hindi maaaring kumain ng kasili. Kapag may sinumang mula sa kanilang angkan ang kumain ng Kasili, Magkakaroon sila ng sumpa ,maglalata O mangingutim ang balat at maaaring magkasakit.

Tinanggap ng Binata ang kasunduan .
Tinulungan siya ng Kasili na punuin ang bukag ng tubig gamit ang mahiwagang paraan. Sa huli, natuwa ang Datu At pinayagan ang kasal ng binata at ng kanyang anak.

Mula noon isinumpa ng kasunduan na ang mga kaangkan ng binata ay hindi na kailanman kakain ng Kasili, Bilang respeto at utang naa loob saa nilalang ng tumulong sa kanila.

**Kuwentong-bayan.** Sa salimbibig na ito nagsisilbing salamin ng kanilang kultura, paniniwala, at pamumuhay bilang isang katutubong komunidad sa Mindanao. Sa pamamagitan ng salimbibig o pasalitang pagpapasa ng kaalaman, naipapamana ng matatanda sa mga susunod na henerasyon ang mahahalagang karanasan, aral, at pagpapahalagang panlipunan na bumabalot sa kanilang identidad bilang isang pamayanan.

Ibinahagi to ng mga unang naninirahan na Kagan na sa kanilang mga kuwentong-bayan, makikita ang masidhing ugnayan ng mga Kagan sa kalikasan, pananampalataya, at lipunan. Ikinukuwento ng mga nakatatanda ang mga alamat, pabula, at kuwentong naglalarawan ng kanilang pinagmulan, pakikibaka, at pakikisalamuha sa mga nilalang na nasa daigdig man o sobrenatural. Bago pa man naisulat, ang mga kuwentong ito ay naipapasa sa pamamagitan ng pasalitang tradisyon isang mahalagang aspekto ng kanilang panitikang bayan na nagbubuklod sa kanilang kolektibong kamalayan at kasaysayan.

Ang detalyadong paglalahad ng bawat kuwentong-bayan ay may nakatalagang mga kodigo na **SUNK6**, **SUNK7** at **SUNK14.**

**Ang kuwentong-bayan** ay isang uri ng panitikang pasalindila (oral literature) na binubuo ng mga salaysay na nagmula sa karanasan, paniniwala, tradisyon, at kultura ng isang pamayanan o bayan. Ito ay pasalin-salin sa pamamagitan ng salimbibig mula sa mga nakatatanda patungo sa mga susunod na henerasyon bago pa man naisulat sa aklat o papel. Sa madaling sabi, ang kuwentong-bayan ay mga kuwento ng ating mga ninuno na naglalarawan ng kanilang pamumuhay, paniniwala, pagpapahalaga, at kaugalian. Ito ang nagsisilbing salamin ng ating pagkakakilanlan bilang isang lahi at pamayanan.

***Si Pilandok at si Apila***
Yagapuno yang gugudanon sang panagkita ni Pilandok aw ni Apila. Aha! Adon na amakakan da ako ng otaw!Paglawngan ni Apila mintras pyagatakmagan si pilandok. Yagalawis si Pilandok “Ayaw muna wanak yang tawag nan kang apila. Di ba magbayubay kita?” Uo, Nganga uno yang kaluni mo?”Tubag ni Apila. Yang kalliniyan ko inangon mo kay yani, awn agong ni Umpo na sa kadugay ng tiempo way magpaka-agong sinyan. Sabap magkallok kang umpo. Mallini kaw ikaw yang maga agong sinyan sabap magkallok si umpo kangmo sabap ng kadakuwa mo” Pyaglawangan ni Pilandok, Aw gayo padagana muna ako untak di madaman si Umpo kanak kay ako yang isarigan san “ lawong ni Pilandok. “O, sige dagan aw pagtago bago ko pauniyon yang agong.

Sa tempo ya idto yadagan si pilandok ng mawat aw yagtago sa kilid ng linog-linogan. Pagkatanto ni Apil ana mawat da si Pilandok pyauni da nan yang Agong. Aw gayo kyaisahan yan ni Pilandok sabap yang Agongn a bot pasabot ni Pilandok kay pag uya kadi ng “Putyokan” o “Op” mawri da na kyatigaman nan pyauni da nan idto ay yanglayog da yang Putyokan aw sabap dakuwa si Apila isa pa aw isa na ipigis nan ay yangkawafat.

Tagadi ako adun kay Pilandok agad pa wyn kaw na sook adun magtago aanop-anapon takaw! Bantay kaw kanak wakto na makita ta kaw! Di ako maga ka alanganin na kanun kaw pyaglawngan ni Apila. Sa pila ka buwan na pagpanginaw ni Apila kang Pilandok na kyasakupan da nan. “Ayan, yakita da ta kaw Pilandok, abirawn da nan si Pilandok aw yagalawng dawman yan. “Wanak katingon asan kay isarigan ako ng Sultan ng kanan hekta-hektaryang “Tilam” na pyagatogan. Ayaw pagkasamok basin madaman yang Sultan. Aw mallini kaw magkuwangbsa “Tilam” ng Sultan na abantayan ta kaw. Ayaw pagkarido kay di ako maglawng o umbad kanan. Sabap abantayan ta kaw makabos kaw magpatana mapakay mo da ako kanon” aw sabap yapanginto si Apila e tuman nan yang sugo ni Pilandok. Yapatan dayon yan sa isa na parte ng “Tilam” na pyagalawng ni Pilandok. Aw sa pagkuwang nan wada yan pakalihok sabap yang “Tilam” na ipangintowan nan kay isa kadi na linog-linogan aw taman adun wada yan pakabarik.

**Si Pilandok at si Apila**
Nagsimula ang kuwento nang magkita si Pilandok at Apila. “Ahah!Ngayon makakakain na ako ng tao!” sabi ni Apila at hinawakan na ni Apila si Pilandok. Nagsalita si Pilandok; “huwag muna Wanak ang tawag niya kay Apila, hindi ba’t magkaibigan tayo?” Oo, bakit ano ba ang gusto mo? Sagot ni Apila, “ang gusto kong gawin mo ay ito, may agong si Ompo na sa katagal ng panahon walang nakapag-agong nito dahil natatakot kay Ompo. Pwede ikaw ang mag-agong nito dahil matatakot si Ompo sayo dahil napakalaki mo” ang sabi ni Pilandok. “Ngunit patakbuhin mo muna ako para hindi magalit si Ompo sa akin dahil ako ang kaniyang pinapabantay, pagpapatuloy ni Pilandok, “ o, sige tumakbo ka at magtago bago ko patutunugin ang Agong”.

Sa oras na iyon, tumakbo si Pilandok ng malayo at nagtago sa gilid ng linog-linogan. Nang matanto ni Apila na malayo na si Pilandok, pinatunog na niya ang Agong. Ngunit naisahan siya ni Pilandok dahil ang agong na pinahihiwatig ni Pilandok ay isa palang bahay na “putyukan” o “Op” Huli na ang lahat nang malaman niya ito dahil nang pinatunog niya ito nagliparan ang mga putyukan at dahil

malaki si Apila isa-isa niya itong pinagtitiris at lahat ng ito'y namatay.

"Maghintay ka ngayon Pilandok kahit saang sulok ka ng mundo magtatago ay hahanapin kita, lagot ka sa akin oras na makita kita hindi ako magdadalawang-isip na kakainin kita" wika ni Apila.

Sa ilang buwan na paghahanap ni Apila kay Pilandok ay nakita niya rin ito. "ayan, nakita na kita Pilandok, nang hihilahin na niya si Pilandok ay nagsalita na naman ito; "wanak tumahimik ka diyan dahil pinagbantay ako ng Sultan sa kaniyang hekta-hektaryang "tilam" na tinutulugan. Huwag kang maingay dahil baka magalit ang Sultan kung gusto mong humiga sa "tilam" ng Sultan na magbabantay ako sayo. Huwag kang mag-alala dahil hindi ako magsusumbong sa kanya dahil babantayan kita. Pagkatapos mong magpahinga ay puwede mo na akong kainin" at dahil naniwala si Apila ay sinunod niya ang utos ni Pilandok. Nagpahinga siya agad sa isang parte ng "tilam' na sinasabi ni Pilandok at ng humiga siya ay hindi na siya nakagalaw dahil ang "tilam" na pinaniniwalaan niya ay isa palang linog-linogan at hanggang ngayon ay hindi na ito bumalik.

**Pabula.** Ibinahagi ng unang naninirahang kagan ang pabula na ito na sumasalamin sa pananaw ng kanilang tribu hinggil sa kaayusan, kapangyarihan at katarungan. Ang kaguluhan sa kagubatan ay nagsilbing talinghaga para sa pangangailangang panatilihin ang balanse sa Lipunan. Ito ay nagsimula nang nagkaroon ng kaguluhan sa kagubatan nang magsimula ng ingay ang Palaka, dahilan upang magising si Haring Leon. Ipinatawag ng Hari ang mga hayop upang alamin ang pinagmulan ng ingay. Isa sa mga aral na nakapaloob sa pabulang ito ay maliit man ang sanhi ng gulo, maaari itong lumaki kung hindi agad na pag-uusapan at maaayos nang maayos.

Ang pabulang ito ay nakatalaga sa kodigong **SUNK3**.

**Gugodanon ng ambak, bao, aninipot, tagnok, aw leon.**

Sangawn na panahon, yamabulabog yang mawm ng gabi sabap sang kasamok ng palibot labi labi da yang ambak.
Sabap sang pagka bulabog, yamkamata yang leon na pyaga hariyan nan ingyan na lugar.
Sapab sang mga awis, kariko da yaga kasamok singyan na gabi.
Una una na iumbad nilan na yang ambak sabap na pati yang leon idungog.
Ipatawag nilan yang ambak na nanga yaga kasamok singyan na kawm da ng gabi.
Dyumatong yang ambak aw yusip "nanga kaw yaga kasamok?"
Yang tubag ng ambak, "Ikaw kuno kay datu, di kaw magakasamok? Nang yan kay lungnan yang gawbok nang bao, sige mag sunod-sunod kanak yaga dada nang kanan bay. Ikaw kuno, kung kaligpitan kaw ng kabugat ng bay nan na pyaga da da? Amawno ako? Yagkasamoka ko ky yagapangayo ako ng tabang"
Pyatawag dawman nang Leon yang bao.
"Ikaw bao, nanga kaw yaga dada nang bay na kawm da ng gabi? Wa da kaw gayd dangon adi. Aw katog ng mawm da yang gabi."
Yag umbad uman yang bao.
"Ikaw kay datu, nanga di ako maga dada nang kanak bay kaya yang aninipot. Yaga dada nang aton. Aw sunuga pa mallaw yang bay ko? Nah wa day aka uyan ko"
Idto dawman. Pyatawag dawman ng Leon yang aninipot.
"Aninipot, nanga sang kawm ng gabi, yaga dada pa kaw nang aton. Yan da gayd yang inang mo magg lupog siding mga ayup na yanag pangatog da. Yaka inang kaw ng kasamok."
Unong tubag ng aninipot, "Datu, alang-alang di ako magda ng aton nang yang gawbok uman nining tagnok ng katagbibi pa ng kanak lawas, abayun pa nan ako pangagaton aw supsupon yang kanak dugo. Yani gayd yang kanakon armas yaning pag dada nang aton para di yan makasayd kanak."
Pyatawag dawman ng Datu yang Tagnok.
"Tagnok. Ikaw kadi yang yaga da ng kasamok na ubos ng mananap wa da pag pakatog sabap ng inang mo. Nanga sa yan nay an yang inang mo."

Ingyan sagaw uman yang tubag ng tagnok. "Ikaw kay Datu, katagibi ko na mananap, yagapangayo gayd ako nang tagbi na dugo para gayd ako mabiyag. Wa gyud silan paga pangatag."
Sabap sang pagka sumpay-sumpay yang gugudanon nang pagda nang bay aw pag da nang aton. Sabap sang gawbok ni Tagnok kay mapangayo nang dugo kang aninipot.
"Ikaw kay tagnok, nanga yamainang mo ingyan.?"
"Yagutom da man ako kay Datu. Aw mahimo kay Datu, pakagata pa 'ko sang kanmo pisngi kay masuyop ako nang dugo."
Kyumagat si Tagnok, na ansingyan, yasampurna yang kanan kadusan kay ansingyan na iusay pa, kyagat da lumban yan.

**Ang Kuwento ng Palaka, Alitaptap, at Leon**

Noong unang panahon, nabasag ang katahimikan ng gabi dahil sa ingay sa paligid na nagsimula sa palaka. Dahil sa kaguluhan, nagising ang leon na kilala bilang hari sa lugar na iyon. Dahil sa mga hayop at iba pang gumagawa ng ingay, naguluhan at nainis siya.
Unang nagsumbong ang mga hayop kay Haring Leon, sapagkat kahit siya mismo ay narinig ang kaguluhan. Ipinatawag niya ang palaka na pinagmulan ng ingay sa kalagitnaan ng gabi. Pagdating ng palaka, tinanong siya ng Hari: "Bakit ka maingay?" Sumagot ang palaka: "Ikaw kaya, Hari, hindi ka ba mag-iingay kung may pagdadaanan ka na ganito? Nandiyan si Pagong, sunod nang sunod sa akin habang dala-dala ang mabigat niyang bahay. Paano kung matamaan o maipit ako niyan? Kaya ako sumisigaw, humihingi ako ng tulong."

Ipinatawag naman ni Leon si Pagong. "Ikaw, Pagong, bakit ka nagdadala ng bahay mo ngayong gabing-gabi na? Hindi mo ba

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

pwedeng ilapag muna sa isang lugar at matulog ka na lang?" Sumagot si Pagong: "Ikaw kaya, Hari, hindi mo ba dadalhin ang bahay mo kung si Alitaptap ay may dala-dala ring sulo? Paano kung masunog ang bahay ko? Wala na akong matutuluyan." Kaya ipinatawag din ng Hari si Alitaptap. "Alitaptap, bakit naman nagdadala ka ng apoy?" Sagot ni Alitaptap: "Hari, paano ako hindi magdadala ng apoy kung si Lamok, kahit maliit na nga ang katawan ko, ay sisipsipin pa ang dugo ko? Ito na lang ang tanging armas ko—ang liwanag ng dala kong apoy para hindi siya makalapit sa akin."

Ipinatawag din ni Haring Leon si Lamok. "Lamok, ikaw pala ang dahilan ng kaguluhan. Dahil sa iyo, walang hayop na nakatulog at nabulabog ang lahat." Sumagot si Lamok: "Hari, maliit lang akong nilalang. Humihingi lang ako ng kaunting dugo para mabusog, pero wala man lang nagbibigay." Nang napagtagpi-tagpi na ang kanilang mga kuwento, nalaman na nila ngayon kung saan nagsimula ang lahat. Tinanong ng Hari si Lamok: "Bakit mo ginawa iyon?" Sagot ni Lamok: "Gutom na gutom na po ako, Hari. Kung maaari, baka pwedeng padapuan ninyo ako sa inyong pisngi para makasipsip ako ng dugo."

Ngunit pagdapo ni Lamok, kinagat niya ang Hari. At doon, lalong nadagdagan ang kanyang kasalanan imbes na ayusin ang gulo, sinamantala pa niya ang pagkakataon.

**Awiting-bayan.** Isa sa mga uri ng awiting-bayan ay ang Oyaye na kung saan ito ay kilala bilang awit pampatulog o *lullaby*. Isang balik-bayang babaeng Kagan ang hindi nagdalawang-isip na magbahagi ng isang Oyaye na ito daw ang palaging inaawit ng kaniyang Ompo o Lola noong nasa kabataan pa siya. Ayon sa kaniya malinaw na nakikita rito ang mahalagang papel ng musika at himig bilang paraan ng paghubog ng kamalayan at pagpapatibay ng ugnayan sa pagitan ng mga henerasyon. Ang bawat liriko ay naglalaman ng damdamin, panalangin, at pag-asa ng mga magulang para sa magandang kinabukasan ng kanilang mga anak. Bukod dito, ipinapakita ng ganitong anyo ng panitikan ang kahalagahan ng oral na tradisyon bilang daluyan ng pagpapasa ng kultura mula sa matatanda patungo sa kabataan.
Ang detalyadong nilalaman ng Oyaye ay isinalaysay na may kodigong **SUNK1**.

Oy ompo, oy ompo
Ogan padi yang patok
Unon mo yang patok
Atagkas ng kawayan
Unon mo yang kawayan?

Asagub ko sang Danao
Unon mo yang Danao
Asugbo ko kang yaya
Nanga, nanga si yaya
Ittubok ng pagi

Itubok ng pagi
Wayn tupad tubuka?
Sa kawn ng Agusan
**Si Yaya**
Ay Apo, Oy Apo
Pakihulog mo sa itak
Anong gagawin sa kawayan
Itutulos ko sa lawa
Anong gagawin mo sa lawa?

Ihagis ko sa lawa
Ano ang gagawin mo sa lawa
Ipapaligo ko kay Yaya
Anong nangyari?
Anong nangyari kay Yaya?
Tinusok ng Pagi
Saan banda ang tinik?
Doon sa bukal ng sapa

**Bugtong**. Ibinahagi ito ng dating guro sa Pampublikong Paaralan ang limang bugtong na ayon sa kaniya ito ang panitikan na nangmula pa sa kaniyang mga magulang na sa tuwing gusting malibang ng kaniyang Ina tinatawag siya at ibinahagi ang mga bugtong. Binigyang-diin niya na ang bugtong ay bahagi ng karunungang-bayan ng mga Kagan, na nagiging daluyan ng pagsusuri ng talino at wika. Ang mga bugtong gaya ng *"Kapag lumilipad parang panyo, kapag lumalapag parang kamao"* (paniki) ay nagpapakita ng malikhaing paglarawan ng kapaligiran.

Ang detalyadong salimbibig ng mga bugtong ay matutunghayan sa sumusunod na mga kodigo **SUNK8, SUNK9, SUNK10, SUNK11 at SUNK12**.
Ang bugtong ay isang maikling tulang patanong na naglalaman ng metapora o paglalarawan upang pahulaan ang isang bagay, hayop, tao, o pangyayari. Bahagi ito ng panitikang pasalindila na nagsilbing libangan at pagsasanay sa talino ng mga sinaunang Pilipino. Bukod sa pagiging laro, ang bugtong ay mahalagang paraan upang mapanatili at maipasa ang kultura, wika, at karunungan ng ating mga ninuno sa susunod na henerasyon.

| | |
|---|---|
| Aw yalayog minang panyo<br>Pag tugpa minang kinumo<br>*Tubag: KAGI* | Kapag lumilipad<br>Kapag lumalapag<br>parang kamao<br>Sagot: PANIKI |
| Tanumon di pag kanon<br>Gayd pangindawnon<br>*Tubag: Pag tina sa tambiling* | Itinanim hindi kinakain<br>Dala dala lang<br>Sagot: Pagtina sa banig |
| Aw yamasuwat tagbibi<br>Aw yamadaman dakwa<br>*Tubag: MATA* | Kapag masaya maliit<br>Kapag galit Malaki<br>Sagot: MATA |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | |
|---|---|
| Yadagan iso pa | Tumakbo kahit bata pa |
| Yatikdog matikadong da | Nadapa sinabayan na |
| Tubag: BAWD | Sagot: ALON |
| Kawoy-kawoy pigtanding | Kahoy-kahoy na pantay |
| Yabunga nang mawsay | Namunga nang maayos |
| *Tubag: UMAY* | Sagot: PALAY |

**Salawikain**. Inilahad ng buong-puso ng isang guro sa Madrasa ang isang salawikain na pinaniniwalaan ng kanilang tribu na ito ang pangunahing paraan nila sa pagpasa ng kaalaman, aral, at karunungan mula sa matatanda patungo sa mas batang henerasyon. Ayon sa kaniya, ito ay nagbibigay-diin sa kawastuhan ng ugali at asal at sa kanilang kultura, ang mga Kagan ay kilala sa paggamit ng mga talinghaga mula sa kalikasan upang ipaliwanag ang ugali, damdamin, at asal ng tao. Sa inilahad na salawikaing ito, ginamit niya ang ilog at pag-ugoy ng alon bilang simbolo ng kababaw ng pag-iisip at ingay ng mga taong mapagmataas ngunit kulang sa laman.

Matutunghayan ang salawikaing ito sa kodigo na **SUNK13.**

Aw maslog yang tubig, mababaw yang lawas
Lumimbay tumunong pa, manaw mag Sandun pa
Pag paningog mo, mang guring-guring
Pag kadto mo, Puro pusa.

Kapag umaalon ang tubig, mababaw ang ilog
Mayabang kung lumakad, nakatitig pa,
naglalakad na parang kung sino
Kapag pinakinggan mo, maraming ingay
Kapag nilapitan mo puro bato

**Mga Katangiang Lingguwistika ng mga Panitikang Pasalita**

Ang pagsusuri sa katangiang lingguwistika ng mga panitikang pasalita ay tumatalakay sa mga natatanging anyo at istilo ng mga kuwentong binibigkas ng mga naninirahan sa Pantukan, Mabini at Maco. Kabilang sa mga katangiang ito ang masining na paggamit ng pagtutulad (simile), metapora (metaphor), pagbibigay-buhay sa mga bagay (personification), pagtawag sa wala o apostrophe, pagpapalit-tawag (metonymy), simbolo (symbol), pagmamalabis (hyperbole), at ironiya (irony).

Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga elementong ito, mas naipapakita kung paano ginagamit ang wika sa mga panitikang pasalita at naipapaliwanag ang malalim na ugnayan ng wika, kultura, at tradisyon ng pagkukuwento ng mga taong naninirahan sa lugar na ito.

**Talahanayan 3**
***Mga Katangiang pangwikang linguistika na nakikita sa mga Kuwentong pasalaysay ng katutubong Kagan***

| Katangiang pangwika (Tayutay) | Halimbawang Linya | Pinagkunang kwento | Uri ng Panitikang Pasalita |
|---|---|---|---|
| Personipikasyon | "Lumitaw ang isang kasili at kinausap siya". | Alamat ng Kasili | Alamat |
| | "Ang ahas ay napakahilig sa paglalaro ng 'sipak-takraw'." | Ang Alamat ng Kagan | Alamat |
| | "Sagot ni Alitaptap: 'Hari, paano ako hindi magdadala ng apoy kung si Lamok… sisipsipin pa ang dugo ko?'" | Ang kuwento ng Palaka, Alitaptap at Leon | Pabula |
| | Kapag lumilipad parang panyo…. Kapag lumalapag, parang kamao…. *Sagot: Paniki* | Bugtong 1 | Bugtong |
| **Metapora** | "...ang agong na pinahihiwatig ni Pilandok ay isa palang bahay na *putyukan* o *Op*." | Si Pilandok at Si Apila | Kuwentong-Bayan |
| | "Hanggang sa may napansin siyang napakagandang tela na nakapatong sa bato…" | Alamat ng Malong | Alamat |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Doon sa bukal ng sapa” | Si Yaya | Oyaye |
| | Tumakbo kahit Bata pa Nadapa sinabayan na (Sag: Alon) | Bugtong 3 | Bugtong |
| | Kung masaya maliit Kapag galit malaki | Bugtong 2 | Bugtong |
| Ironiya | “Naging kalbo ang Datu dahil sa pagmamahal ng dalawang babae.” | Ang Pagmamahal ng Dalawang Dalaga | Kuwentong-Bayan |
| | “Silang lahat ay namatay at walang isa na naligtas.” | Ang Agimat | Kuwentong-Bayan |
| | “Upang maging tahimik, nag-ingay ang palaka.” | Ang Kuwento ng Palaka, Alitaptap at Leon | Pabula |
| | “Nang makuha ni Pilandok ang tiwala ni Apila, siya pa ang nagturo kung saan ipapahamak ang sarili nito.” | Si Apila at Si Pilandok | Kuwentong-Bayan |
| **Pagmamalabis** | “Mula sa itlog ay lumabas ang isang magandang babae at agad sumunod ang isang ahas.” | Alamat ng Kagan | Alamat |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | “Doon sa bukal ng Sapa | Si Yaya | Oyaye |
| | “Si Farida… palihim namang binubunot ang lahat ng itim na buhok ng Datu.” | Ang Pagmamahal ng Dalawang Dalaga | Kuwentong-Bayan |

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang detalyadong pagsusuri ng mga katangiang lingguwistika na matatagpuan sa piling mga kuwento, na nakatuon sa paggamit ng pagtutulad (simile), metapora (metaphor), pagbibigay-buhay sa bagay (personification), apostrophe, pagpapalagay ng kabuuan sa bahagi o bahagi sa kabuuan (synecdoche), pagpapalit-tawag (metonymy), simbolo (symbol), allegorya (allegory), parapora o pagsalungat (paradox), pagmamalabis (hyperbole), pagmamalit (understatement), at ironiya (irony).

Bawat tala ay naglalaman ng dalas ng paggamit ng partikular na katangian, kodigo ng kuwentong pinagkunan, at isang halimbawang sipi na nagpapakita ng paggamit nito.

Ang ibang halimbawa ay makikita sa pabula na may kodigong **SUNK3**. Ang linyang “*Sagot ni Alitaptap: ‘Hari, paano ako hindi magdadala ng apoy kung si Lamok… sisipsipin pa ang dugo ko*?’” ito ay isang halimbawa ng personipikasyon sapagkat binibigyan ng katangiang pantao ang mga hayop partikular ang alitaptap at lamok sa pamamagitan ng kanilang kakayahang magsalita at magpahayag ng damdamin. Sa tunay na buhay, ang mga alitaptap at lamok ay hindi nakapagsasalita, ngunit sa linyang ito, ipinakita ng may-akda na marunong silang magpaliwanag, magreklamo, at makipag-usap, na katangian lamang ng tao. Bukod pa rito, ipinapahiwatig ng linya ang emosyon ng alitaptap takot at pag-aalala na higit na nagbibigay-buhay at kulay sa kuwento.

Sa SUNK8, ito ay isang bugtong na “ *Kapag lumilipad parang panyo….Kapag lumalapag parang kamao”* ang sagot Paniki ay tumutukoy sa paniki, ginamit dito ang paglalarawang tila may kakayahang tulad ng tao ang paniki. Ang salitang “parang kamao” ay isang paglalarawan na nagpapakita na kapag lumalapag ang paniki, tila sumisiksik o sumisara ang katawan nito na para bang ginagawa ng tao ang paghawak o pagsasara ng kamao.

Sa SUNK6, gumamit ang tagapagsalaysay ng metapora na “*ang agong na pinahihiwatig ni Pilandok ay isa palang bahay na putyukan o Op.”* ay isang halimbawa ng metapora sapagkat tuwirang inihahambing ang agong sa isang bahay ng putyukan nang hindi gumagamit ng mga salitang *parang, tila, kagaya,* o *animo’y*. Sa pangungusap, ang agong (isang instrumentong yari sa tanso o bakal) ay hindi literal na bahay ng putyukan. Sa halip, ginamit ito bilang metapora upang ipahiwatig na ang loob ng agong ay maaaring puno ng mga putakti o bubuyog gaya ng isang bahay-pukyutan. Ang layunin ng paghahambing na ito ay magbigay-larawan sa isip ng mambabasa at magpahiwatig ng mas malalim na kahulugan ng tagpo sa kuwento ni Pilandok.

Sa SUNK5 naman ay ang linyang “*Hanggang sa may napansin siyang napakagandang tela na nakapatong sa bato…”* ito ay tuwirang inihahambing ang dalawang magkaibang bagay nang hindi gumagamit ng salitang *parang, tila, kagaya,* o *animo’y*. Kung sa konteksto ng kuwento, ang “tela” ay sumasagisag ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

kayamanan, pag-asa, kagandahan, o mahalagang bagay na natuklasan ng tauhan, hindi ito tinutukoy bilang ordinaryong tela. Sa halip, ginagamit ito upang ipahiwatig o isalarawan ang isang mas malalim na kahulugan.

Sa SUNK1, makikita ang linyang " *doon sa bukal ng sapa* " ay maaaring ituring na metapora kung ang "*bukal ng sapa*" ay hindi lamang literal na tumutukoy sa pinagmumulan ng tubig, kundi sumasagisag o kumakatawan sa isang mas malalim na kahulugan sa konteksto ng kuwento o tula.

"*Tumakbo kahit bata pa……Nadapa sinabayan na….*" ito naman ang makikita sa kodigong SUNK10 isang bugtong na maituturing na isang halimbawa ng metapora na kung saan tuwirang inihahambing ang kilos ng isang bagay sa kilos ng tao nang hindi gumagamit ng salitang parang, tila, o kagaya. Ipinapakita ng bugtong na may isang bagay na gumagalaw o "tumakbo" kahit ito'y bata pa at kalaunan ay nadapa. Hindi literal na tao ang tinutukoy dito, ngunit ginamit ang katangian ng tao ang pagtakbo at pagdapa upang ilarawan ang bagay, kaya't nagiging masining na metapora ito.

Ang SUNK9 naman na "*kung masaya maliit….kapag galit Malaki…..*" inihahambing ang emosyon ng tao sa pagbabago ng anyo o laki ng isang bahagi ng katawan nang hindi gumagamit ng mga salitang *parang, tila, kagaya,* o *animo'y*. Sa bugtong, ang tinutukoy ay mga mata kapag masaya, maliit dahil nakangiti; kapag galit, malaki dahil nanlilisik. Hindi tuwirang binanggit ang mata, ngunit ginamit ang pagbabago ng anyo nito bilang metapora upang ipakita ang epekto ng emosyon.

Ipinapakita nito kung paano ginagamit ang metapora sa bugtong upang magbigay ng masining na paglalarawan, kaya't nagiging mas makulay, makahulugan, at mapaglaro ang wika.

Sa metapora, direktang inihahambing ang isang bagay sa isa pa nang hindi gumagamit ng mga salitang *parang, tila, kagaya,* o *animo'y*. Kung ang "bukal ng sapa" ay ginamit upang kumatawan sa simula ng pag-ibig, pag-asa, buhay, o isang mahalagang pangyayari, hindi na ito itinuturing na literal na bukal. Sa halip, ito ay sumisimbolo ng isang pinagmumulan ng pagbabago o kahulugan sa kuwento.

Ironiya. Isa pang katangiang panglingguwistiko na matatagpuan sa salaysay ay ang ironiya. Ang Ironiya bilang katangiang panglingguwistiko ay isang uri ng tayutay o masining na paraan ng pagpapahayag kung saan ang ibig sabihin ng isang pahayag o sitwasyon ay kabaligtaran ng literal na kahulugan o ng inaasahang mangyari. Ginagamit ito upang magbigay ng kahulugan, damdamin, at epekto sa isang kuwento o akda.

Sa SUNK7, ito ang kuwentong makikitaan ng lingguwistikang pangwika na tinatawag na ironiya. Ang pahayag na "*Naging kalbo ang Datu dahil sa pagmamahal ng dalawang babae*" ay halimbawa ng ironiya sapagkat kabaligtaran ng inaasahan ang nangyari. Sa halip na magdala ng saya ang pagmamahal, nauwi ito sa hidwaan ng dalawang babae na naging dahilan ng pagkakalbo ng Datu.

Samantalang sa kuwentong SUNK14, Ang linyang "*Silang lahat ay namatay at walang isa na naligtas" mula sa maikling kuwentong* "Ang Agimat" ay halimbawa ng ironiya sapagkat kabaligtaran ng inaasahan ang nangyari. Sa halip na magligtas ang agimat, walang nakaligtas at lahat ay namatay. Ang linyang "*Silang lahat ay namatay at walang isa na naligtas*" mula sa maikling kuwentong "Ang Agimat" ay isang ironiya dahil kabaligtaran ng inaasahan ang kinalabasan ng pangyayari. Karaniwan, ang agimat ay itinuturing na pampaswerte o pananggalang sa kapahamakan, ngunit sa halip na magligtas, lahat ay namatay at walang nakaligtas, na siyang bumuo ng masining na kabalintunaan sa kuwento.

Parapora. Ang parapora ay isang pahayag o sitwasyon na tila magkasalungat sa lohika ngunit maaring may taglay na katotohanan o mas malalim na kahulugan, mukhang hindi makatuwiran ngunit kapag pangkaisipan ito ay may katuturan. Dagdag pa nito, ito ay ginagamit ng mga manunulat upang mapukaw ang kuryosidad ng mambabasa, magbigay-diin sa isang ideya, at magpahiwatig ng isang masining o malalim na pananaw.

Makikita ang parapora sa linya ng pabula na SUNK3, "*Upang maging tahimik, nag-ingay ang palaka*" ay isang halimbawa ng parapora o (*paradox*) sapagkat ito ay naglalaman ng magkasalungat na ideya ngunit may nakapaloob na katotohanan. Karaniwan, ang pag-iingay ay kabaligtaran ng pagtahimik, kaya tila imposible ang pahayag. Ngunit kung susuriing mabuti, ipinapahiwatig nito na ang ingay ng palaka ay maaaring maging paraan upang mapansin at patahimikin ito, kaya sa huli, nagbubunga ng katahimikan.

Sa kodigong SUNK6 naman, ang linyang "*Nang makuha ni Pilandok ang tiwala ni Apila, siya pa ang nagturo kung saan ipapahamak ang sarili nito*" ay isang halimbawa ng parapora (*paradox*) sapagkat naglalaman ito ng magkasalungat na ideya ngunit may nakapaloob na katotohanan. Kapag pinagkakatiwalaan mo ang isang tao, inaasahan mong ililigtas ka o poprotektahan ka nito. Ngunit sa pangungusap, kabaligtaran ang nangyari nang magtiwala si Apila kay Pilandok, siya mismo ang nagturo ng paraan upang mapahamak ito. Tila kabalintunaan, ngunit ipinapakita nito ang katotohanan tungkol sa pagtataksil at maling tiwala.

Pagmamalabis. Ang pagmamalabis (*hyperbole*) ay isa pang mahalagang katangiang panglingguwistiko na ginagamit upang lumikha ng dramatikong epekto at bigyang-diin ang pagpapalabis sa mga pangyayari sa salaysay. Ang paggamit ng pagmamalabis sa mga napiling kuwento ay kapansin-pansin, sapagkat may kabuuang 3 halimbawa nito.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Una sa SUNK4, ang pariralang "*mula sa itlog ay lumabas ang isang magandang babae at agad sumunod ang isang ahas*" ay isang halimbawa ng pagmamalabis (hyperbole) sapagkat hindi karaniwan at halos imposibleng mangyari na may isang ganap na babaeng tao na lalabas mula sa isang itlog, lalo na't may ahas pang kasunod. Ginagamit ang ganitong pagpapalabis upang magbigay ng kamangha-manghang imahe at mapatingkad ang kababalaghan sa kuwento, na siyang nakadaragdag sa elemento ng hiwaga at pantasya sa salaysay. Sa awit naman na SUNK1, ang linyang "*doon sa bukal ng sapa*" ay isang halimbawa rin ng pagmamalabis na kung titingnan sa kung sa konteksto ng kuwento ay ipinapakita ang labis na kagandahan, hiwaga, o kakaibang katangian ng lugar. Maaaring inilalarawan ang bukal bilang napakabanal, mahiwaga, o walang kapantay ang yaman at ganda, na higit pa sa karaniwan. Sa pamamagitan ng pagmamalabis, nagiging mas makulay, kahanga-hanga, at kaakit-akit ang paglalarawan sa bukal ng sapa, kaya't nahihikayat ang mambabasa na mas mapalalim ang imahinasyon.

Ang kuwentong-bayan na SUNK7 ay dahil hindi makatotohanan o halos imposibleng gawin na mabunot ang lahat ng itim na buhok ng isang tao nang palihim. Ginamit ito upang palakihin ang aksyon at ipakita ang tindi ng sitwasyon sa kuwento.

Ang mga nabanggit na katangiang panglingguwistiko ay ginamit sa kabuuan ng akda upang mapayaman ang sining ng pagkukuwento. Gumamit ng pagtutulad (simile) upang lumikha ng matingkad na imahen, metapora upang magpahayag ng mas malalim na kahulugan, personipikasyon upang bigyang-buhay ang mga bagay na walang buhay, pagmamalabis (hyperbole) upang gawing mas dramatiko ang ilang bahagi, at ironiya upang ipakita ang mga kabaligtaran at hindi inaasahang pangyayari.

**Mga Dimensyon ng Katutubong Panitikan**

Ipinapakita ng mga dimensyon mula sa yamang panitikan ng Kagan ang kultural at ekolohikal sa salimbibig ng mga unang naninirahang Kagan. Nagbibigay ito ng komprehensibong paglalarawan ng iba't ibang pamagat, ang kanilang katumbas na mga kodigo, at ang dalasan ng paglitaw ng mga ito sa bawat dimensyon. Hindi lamang inilalarawan ng mga salaysay na ito ang pamanang kultural kundi pati na rin ang kahalagahan ng ekolohiya na may kaugnayan sa kanilang tribu.

Sa mga salimbibig ng Yamang Panitikan ng Kagan, ang kultural na dimensyon ay binubuo ng 9 na pamagat na bawat isa ay nagpapakita ng iba't ibang pananaw hinggil sa pagkakakilanlan ng komunidad kaugnay ng kultura at sama-samang alaala. Ang mga kultural na dimensyon na makikita sa iba't ibang alamat, kuwentong-bayan, pabula, at bugtong ay sumasalamin sa yaman ng tradisyon, paniniwala, at pagpapahalaga ng mga Pilipino, partikular na ng mga komunidad ng Tribung Kagan. Sa "Alamat ng Kasili", itinatampok ang kahalagahan ng kasunduan o kasabutan sa ugnayan ng mga tao, kung saan ipinapakita na ang pagtupad sa mga pangako ay pundasyon ng maayos na samahan.

Sa Alamat ng Kasili, makikita ang malalim na pagpapahalaga ng mga sinaunang Pilipino sa kasunduan bilang isang mahalagang bahagi ng ugnayang panlipunan at moral na pamantayan ng kanilang kultura. Una, ang kasunduan sa pagitan ng mahirap na lalaki at ng kasili ay hindi lamang isang simpleng pangako kundi isang sagradong tipan na may kalakip na pananagutan at respeto. Sa kulturang Pilipino, ang salita o pangako ay may bigat na katumbas ng dangal kapag sinabi, ito ay dapat tuparin. Ipinapakita nito ang kultural na pagpapahalaga sa katapatan o integridad at utang na loob bilang pundasyon ng pakikitungo sa kapwa at sa kalikasan.

Ikalawa, ang pagbabawal sa angkan ng lalaki na kumain ng kasili ay simbolo ng paggalang sa nilalang ng kalikasan na tumulong sa kanila. Sa ganitong paraan, ipinapahayag ng alamat na ang mga sinaunang Pilipino ay may paniniwala sa espiritwal na ugnayan ng tao at kalikasan, at ang kasunduan ay isang paraan upang mapanatili ang balanse at pagkakaisa sa kapaligiran. Ikatlo, ang kasunduang ito ay nagpapatibay ng pagpapahalagang panlipunan tulad ng pakikipagkapwa-tao, utang na loob, at respeto sa mga biyayang tinatanggap. Ang pagtupad sa kasunduan ay hindi lamang tungkulin ng isang indibidwal, kundi isang pamana sa susunod na salinlahi, kaya ito ay nagiging bahagi ng kanilang kultural na pagkakakilanlan.

Sa "Alamat ng Malong", makikita ang pagpapakita ng damdamin at pag-ibig bilang mahalagang bahagi ng kulturang Pilipino. Ipinapahayag dito na ang pagmamahalan ay may malaking papel sa pagbuo ng pagkakaisa at pagpapahalaga sa pamilya. Kaugnay nito, ang kuwentong-bayan na "Ang Pagmamahal ng Dalawang Dalaga" ay naglalarawan naman ng pag-aalaga at pagmamahalan ng mag-asawa sa magkaibang paraan, na nagpapakita ng iba't ibang anyo ng pag-ibig na pinahahalagahan sa ating kultura. Ang kultural na dimensyon na pagpapakita ng ugnayan ng damdamin at pag-ibig sa kultura ng Pilipino sa "Alamat ng Malong" ay nagpapahayag ng malalim na pagpapahalaga ng mga Pilipino sa pag-ibig, damdamin, at alaala bilang bahagi ng kanilang pagkatao at pamumuhay. Sa Alamat ng Malong, makikita na ang pag-ibig ay hindi lamang isang damdamin, kundi isang makapangyarihang puwersa na nag-uugnay sa buhay, kamatayan, at kultura ng mga tao.

"Ang Agimat" ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa kontekstong pangkasaysayan at pangkalinangan, kung saan inilalarawan ang paniniwala sa mga bagay na may kapangyarihan at ang papel ng mga ito sa pamumuhay ng mga tao. Dagdag pa rito, makikita rin ang pagpapahalaga sa mga tradisyunal na kagamitan tulad ng agong, na mahalaga sa pagdiriwang at pagkakakilanlan ng komunidad.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ang kultural na dimensyon na makikita sa kuwentong *"Si Pilandok at si Apila"* ay pagpapahalaga sa pagpapanatili ng paggamit ng agong, na sumisimbolo sa malalim na kahalagahan ng musika, ritwal, at tradisyon sa kulturang Pilipino, lalo na sa mga pamayanang katutubo sa Mindanao. Sa kuwento, binanggit ang agong bilang isang mahalagang bagay na may bisa at kapangyarihan. Ang agong ay hindi lamang isang instrumento ng tunog, kundi simbolo ng awtoridad, ugnayan, at kultura ng mga katutubo. Sa pamamagitan ng kuwentong ito, ipinakita ang kamalayan sa pangkulturang halaga ng agong at kung paano ito naging bahagi ng kanilang pagkakakilanlan.

Makikita rin sa pabula na "Ang Kuwento ng Palaka, Leon at Alitaptap" ang pagbibigay-diin sa kahalagahan ng pakikipag-ugnayan at pagtutulungan ng bawat nilalang, gaano man sila kaliit o kalaki, upang mapanatili ang balanseng pamumuhay. Ang kultural na dimensyon na makikita sa pabula *"Ang Kuwento ng Palaka, Leon, at Alitaptap"* ay pagtuturo ng aral tungkol sa kahalagahan ng bawat nilalang sa lipunan, gaano man kaliit, at pagpapahalaga sa pagtutulungan bilang bahagi ng pagkakaisa sa komunidad mga pagpapahalagang malalim na nakaugat sa kulturang Pilipino. Sa pabula, bawat hayop ay may sariling dahilan kung bakit siya kumikilos nang ganoon may kanya-kanyang pangangailangan at layunin. Makikita ito na si Palaka ay maingay dahil natatakot na maipit ng Pagong. Si Pagong ay nagdadala ng bahay dahil natatakot masunog dahil kay Alitaptap. Si Alitaptap ay may dala-dalang liwanag bilang proteksiyon laban kay Lamok. Si Lamok, bagama't maliit, ay siya palang ugat ng kaguluhan dahil sa labis na gutom.

Sa kabilang dako, makikita sa "Si Yaya" at sa mga Oyaye o awiting-bayan ang pagpapahalaga sa paggamit ng lokal na wika at ekspresyon, na nagsisilbing paraan ng pagpapahayag ng damdamin, pagkatuto, at pagkakakilanlan ng isang komunidad. Ang kultural na dimensyon na makikita sa *Oyayeng "Si Yaya"* ay pagpapahalaga sa paggamit ng lokal na wika at ekspresyon, na sumasalamin sa malalim na ugnayan ng wika, kultura, at identidad ng isang pamayanang Pilipino. Paggamit ng Lokal na Wika bilang Daluyan ng Kultura. Ang *oyayeng* o awiting-bayan na *"Si Yaya"* ay nakasulat sa wikang katutubo, na puno ng lokal na ekspresyon at paraan ng pakikipag-usap. Sa mga linyang gaya ng: *"Ay Apo….Oy Apo…..Pakihulog mo sa itak….at doon sa bukal ng sapa"* ay makikita ang pagkakaugat ng panitikan sa katutubong wikang ginagamit ng mga mamamayan sa araw-araw. Ang salitang "Apo" ay tanda ng paggalang, karaniwang ginagamit sa mga nakatatanda o may mataas na katayuan sa komunidad. Ang mga pariralang "Pakihulog mo sa itak" at "Itutulos ko sa lawa" ay nagpapakita ng katutubong paraan ng pagsasalita na payak ngunit puno ng simbolismo at ritmo.

Ang mga kultural na dimensyon na ito ay nagpapakita kung paano pinapahalagahan ng komunidad ang kanilang kasunduan, katapatan, pagmamahalan, wika, kasaysayan, at karunungan. Sa pamamagitan ng mga alamat, kuwentong-bayan, pabula, at bugtong, naipapasa ang kanilang kaalaman, paniniwala, at pagpapahalaga mula sa isang henerasyon patungo sa susunod, na nagiging bahagi ng kanilang pagkakakilanlan at kolektibong alaala bilang isang pamayanan.

**Ekolohikal na Dimensyon.** Ang ekolohikal na dimensyon ay tumutukoy sa aspeto ng panitikan, kultura, at pamumuhay ng tao na nakapokus sa ugnayan ng mga tao at ng kanilang kapaligiran. Kabilang dito ang mga salaysay, alamat, pabula, bugtong, at awiting-bayan na nagpapakita kung paano ginagamit, pinahahalagahan, at pinangangalagaan ng mga tao ang mga likas na yaman tulad ng kagubatan, hayop, halaman, at katubigan upang matugunan ang kanilang pangangailangang pang-ekonomiya, pangkultura, at panlipunan.

Sa mga kuwentong-bayan at Alamat ng Tribung Kagan, malinaw na makikita ang pagpapahalaga sa kalikasan bilang pangunahing yaman at batayan ng buhay. Halimbawa, sa "Alamat ng Kasili," ipinapakita ang pinagmulan ng isda bilang isang mahalagang bahagi ng kapaligiran at pagkain ng tao, na nagpapakita ng kamalayan sa kabuhayan at ekolohiya.

Sa Alamat ng Kasili, ipinapakita kung paano ang isang nilalang sa tubig ang kasili (isang uri ng isda na tulad ng igat) ay hindi lamang simpleng hayop, kundi may buhay, damdamin, at kapangyarihan na may malaking ambag sa kalikasan at sa buhay ng tao. Sa kuwento, isang binata ang nagnanais mapangasawa ang anak ng Datu, ngunit kailangan niyang harapin ang isang imposibleng hamon ang pagpuno ng bukag na may butas ng tubig mula sa sapa. Ang sitwasyong ito ay nagpapakita ng ugnayan ng tao sa likas na kapaligiran ang sapa bilang *simbolo ng buhay at kalikasan*, at ang hamon bilang *pagsubok sa karunungan at paggalang sa likas na yaman*

Sa "Alamat ng Kagan," itinuturo ang kahalagahan ng mga puno gaya ng mabung, na hindi lamang nagbibigay ng silungan at kagamitan sa araw-araw kundi nagsisilbi ring simbolo ng pangangalaga sa kalikasan.
Ang punong Mabung sa alamat ay hindi lamang isang karaniwang puno kundi isang simbolo ng buhay, kanlungan, at biyaya ng kalikasan. Dito nagsimula ang kuwento sa lilim nito naglalaba ang balo, nagsasampay ng damit, at nakatagpo ng mahiwagang itlog na nagging simula ng lahing Kagan. Ipinapakita nito na ang puno ay bahagi ng siklo ng buhay ng tao nagbibigay ng lilim, silungan, at nagiging saksi sa pinagmulan ng mga tao sa kuwento.

Sa "Alamat ng Malong," binibigyang-diin ang pagpapahalaga sa mga halaman at iba pang likas na yaman na nagagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay. Ipinapakita nito kung paano nakabatay ang kultura at tradisyon sa tamang pakikitungo sa kapaligiran. Ang ekolohikal na dimensyon sa *Alamat ng Malong* ay makikita sa pagpapahalaga sa kalikasan at mga halaman, lalo na sa pagmamahal ng Prinsesa Maolangan sa mga bulaklak at hardin. Sa kuwento, ang Prinsesa Maolangan ay kilala sa pagmamahal sa kalikasan, lalo na sa mga bulaklak na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

kaniyang inaalagaan araw-araw. Ang kanyang hardin ay naging simbolo ng kagandahan, buhay, at kapayapaan sa kaharian. Ipinapakita nito na ang kalikasan lalo na ang mga halaman ay nagbibigay ng sigla, saya, at aliw sa mga tao. Nang pumanaw ang Prinsesa at magunaw ang kanyang hardin dahil sa bagyo, ipinapahiwatig nito na kapag napabayaan o nawala ang pag-aaruga sa kalikasan, nawawala rin ang kagandahan at kasiyahan sa ating kapaligiran. Ngunit sa huli, ang paglitaw ng malong mula sa hardin ay nagpapahiwatig ng pagpapatuloy ng buhay at kagandahan ng Prinsesa na para bang ang kalikasan mismo ang nagbigay ng bagong anyo ng alaala at pag-asa.

Ang kuwentong-bayan na "Ang Pagmamahal ng Dalawang Dalaga" ay naglalarawan ng pamumuhay sa isang pamayanang pinamumunuan ng datu, kung saan ang sistemang pampolitika at pangkabuhayan ay nakadepende sa likas na yaman at teritoryo, na nagpapakita ng interdependensiya ng tao at kalikasan. Ang ekolohikal na dimensyon sa *Alamat ng "Pagmamahal ng Dalawang Dalaga"* ay makikita sa paglalarawan ng pamumuhay sa isang pamayanang pinamumunuan ng Datu, kung saan ang sistema ng pamumuhay, kabuhayan, at pamamahala ay nakaangkla sa ugnayan ng tao at kalikasan.

Makikita rin ang ugnayan ng hayop at tao sa "Si Pilandok at Apila," kung saan ang kalikasan ang tagpuan ng mga pangyayari at nagsisilbing gabay sa pagtuturo ng karunungan at pagpapahalaga sa kapaligiran. Ang ekolohikal na dimensyon sa *kuwentong "Si Pilandok at Apila"* ay makikita sa ugnayan ng tao at hayop na ginamit ang kalikasan bilang tagpuan at bahagi ng pangyayari.

Ang pabula na "Ang Kuwento ng Palaka, Alitaptap at Leon" ay naglalarawan naman ng mga hayop sa kagubatan bilang bahagi ng ekolohiya, at ipinapakita kung paano ang bawat nilalang, gaano man kaliit o kalaki, ay may papel sa pagpapanatili ng balanse sa kalikasan. Ang ekolohikal na dimensyon sa *"Ang Kuwento ng Palaka, Alitaptap, at Leon"* ay makikita sa paglalarawan ng mga hayop sa kagubatan bilang bahagi ng ugnayang ekolohikal  isang larawan ng balanse at koneksyon ng mga nilalang sa kalikasan. Sa kuwentong ito, ipinakikita na bawat hayop sa kagubatan ay may kanya-kanyang tungkulin at katangian; Ang palaka ay kumakatawan sa mga nilalang na alerto at nagbababala sa panganib. Ang pagong ay sagisag ng pag-iingat at pagiging matatag. Ang alitaptap ay nagbibigay-liwanag sa dilim, isang simbolo ng pag-asa at proteksyon. Ang lamok, bagaman maliit, ay paalala na kahit ang pinakamaliit na nilalang ay may epekto sa buong kapaligiran. Ang leon, bilang hari ng kagubatan, ay kumakatawan sa pamamahala at kaayusan ng kalikasan. Ang lahat ng hayop ay namumuhay sa iisang ekosistema ang kagubatan, at ang kanilang mga kilos at ugnayan ay nagpapakita kung paano nakaaapekto ang isa sa kapwa at sa buong kalikasan.

Sa awiting-bayan na "Si Yaya," ipinapakita ang ugnayan ng tao at katubigan, na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng tubig bilang yaman at pinagmumulan ng kabuhayan. Ang ekolohikal na dimensyon na "Ugnayan ng tao at katubigan" sa *Oyayeng "Si Yaya"* ay nagpapakita kung paano ang tubig lawa, bukal, sapa at ang mga bagay na kaugnay nito kawayan, pagi/stingray ay bahagi ng araw-araw na buhay, gawaing pantahanan, at panitikang-bayan. Ipinapakita ng oyayeng ito na ang tubig ay hindi lamang likas-na-yaman kundi isang sentrong lugar ng gawain, kabuhayan, ritwal, at emosyonal na ugnayan sa pagitan ng tao at kapaligiran.  Ang linyang *"Itutulos ko sa lawa"* at *"Ipapaligo ko kay Yaya"* ay nagpapahiwatig na ang lawa o sapa ang ginagamit para sa paghuhugas, paglilinis, at iba pang gawain sa bahay  isang praktikal na ugnayan ng tao at katubigan. Ang *"Tinusok ng pagi"* at *"Saan banda ang tinik? Doon sa bukal ng sapa"* ay nagpapakita na ang katubigan ay may dalang pagkain (isda, stingray) ngunit may kaakibat na panganib  kailangang may alam at pag-iingat ang tao sa pakikitungo rito. Ang paulit-ulit na tanong-sagot at tugtugin ng oyayeng panlobo ay naglalarawan na ang mga gawain sa tubig ay may kasamang ritwal, mga salita at ekspresyon na naipapasa sa susunod na henerasyon  bahagi ng pambansang alaala at identidad.

Ang *kawayan* at *itak* na binabanggit ay sumisimbolo ng teknolohiyang lokal (pang-huli, pang-gawa) na nakaangkla sa katubigan: ang kawayan bilang kasangkapang ginagamit sa tabi-tubig, itak para sa paghahanda o pagputol ng materyales. Ang katubigan ay sentro ng buhay  pinagkukunan ng pagkain, gamit, at lugar ng pagtitipon. Kasabay ng benepisyo nito ang pananagutan: kailangang igalang, alagaan, at pangalagaan ang lawa, sapa, at bukal para manatiling ligtas at buhayin ang kabuhayan.

Gayundin, ang mga bugtong tulad ng Sampayan, Karayom, at Sandok ay nagpapakita ng paggamit ng mga bagay mula sa kapaligiran bilang bahagi ng pang-araw-araw na buhay, na nagbibigay-kaalaman at aliw sa komunidad habang itinuturo ang tamang pakikitungo sa likas na yaman. Ang ekolohikal na dimensyong ito ay tumutukoy sa ugnayan ng tao sa kanyang kapaligiran sa pamamagitan ng mga bagay na ginagamit niya sa pang-araw-araw na buhay. Sa mga bugtong, nakikita natin kung paanong ang mga bagay na likha ng kalikasan tulad ng kawayan, kahoy, at bakal ay ginawang kapaki-pakinabang na kasangkapan sa tahanan. Ipinapakita nito na ang kalikasan ay hindi lamang pinagmumulan ng likas na yaman, kundi pinagkukunan din ng inspirasyon at simbolo ng karunungan sa panitikang bayan. Ipinapakita ng karayom ang ugnayan ng tao sa mga metal at mineral na nagmumula sa kalikasan. Mula sa simpleng materyal, natutunan ng tao kung paano ito gamitin upang lumikha, mag-ayos, at magpanatili ng kasuotan isang batayang pangangailangan ng tao. Sa panitikan, ang karayom ay sumasagisag sa kasipagan, tiyaga, at pagkamalikhain mga katangiang bahagi rin ng ugnayang ekolohikal dahil sa paggamit ng yamang-likas nang may

disiplina. Ipinapakita ng sampayan ang paggamit ng mga halaman at puno kawayan, lubid mula sa abaka, o kahoy bilang bahagi ng gawaing pantahanan. Ipinakikita rito na ang kalikasan ay katuwang sa bawat gawain ng tao mula sa paglalaba hanggang sa pagpapatuyo ng kasuotan.

Sa simbolikong antas, ang sampayan ay larawan ng malinis na pamumuhay at disiplina, na kaugnay ng pangangalaga sa kalinisan ng kapaligiran. Ang sandok ay sumasalamin sa pagkakaugnay ng tao sa likas na yaman mula sa punong niyog o punong kahoy na pinagmulan ng materyales, hanggang sa apoy at tubig na ginagamit sa pagluluto. Ipinapakita nito na ang tao ay gumagamit ng kalikasan nang may paggalang at pakinabang, upang matugunan ang kanyang pangunahing pangangailangan ang pagkain. Sa panitikan, ito ay sagisag ng pagmamalasakit at pagbabahagi mga birtud na nakaugat din sa ideya ng balanseng ugnayan ng tao at kalikasan.

## DISKUSYON

**Mga Salimbibig ng Yamang Panitikan ng mga unang naninirahang Kagan sa lungsod ng Maco, Mabini at Pantukan sa Probinsiya ng Davao De Oro**

Sa Alamat ng Kasili, lumilitaw ang isang kuwentong nag-ugat sa pagitan ng pag-ibig, sakripisyo, at ugnayan ng tao sa kalikasan. Ipinakikita rito ang isang binatang dumaan sa pagsubok upang makamit ang pag-ibig ng anak ng datu, na humantong sa pakikipagkasundo sa isang kasili isang kasunduan na nagbunga ng panghabambuhay na pagbabawal sa pagkain ng nasabing isda para sa kanyang mga magiging salinlahi. Ayon sa pag-aaral ni Manuel (2015), ang ganitong mga kuwentong-bayan ay nagsisilbing instrumento ng konserbasyong ekolohikal, kung saan ang pagbabawal ay hindi lamang nakabatay sa paniniwala, kundi nagsisiguro rin sa pagpapanatili ng yamang-dagat na mahalaga sa kabuhayan ng mga sinaunang Kagan. Dito makikita na ang alamat ay hindi simpleng kathang-isip lamang; ito ay panlipunang mekanismo upang hubugin ang ugali ng tao sa tamang pakikitungo sa kalikasan.

Ang Alamat ng Kagan ay nagbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa pinagmulan at pagkakakilanlan ng lahing Kagan. Mula sa itlog ng alimokon na nagbigay-buhay sa isang babae at sa ahas na si Aguason, lumitaw ang sinaunang kuwento ng kanilang lahi. Sa pagdiriwang ng kanilang pinagmulan, ipinapakita ng alamat na ang kalikasan sa anyo ng punong "Mabung," ilog Mayo, at ng mga nilalang na naninirahan dito ay hindi lamang espasyo, kundi isang buhay na entidad na may mahalagang papel sa kanilang pananampalataya at kasaysayan. Kaakibat nito, ipinapahiwatig ng pag-aaral ni Salazar (2017) na ang ganitong mga salaysay ay hindi lamang nagbibigay ng paliwanag sa pinagmulan ng tao, kundi nagsisilbing tagapagdala ng kolektibong alaala at nagbibigay ng legitimasyon sa pagkakakilanlan ng grupo. Sa ganitong paraan, ang alamat ay nagiging daluyan ng kultural na memorya na nagpapatibay ng pagkakaisa at nagtataguyod ng paggalang sa kanilang pinagmulan.

Mula sa tatlong alamat na ito, malinaw na lumilitaw ang iba't ibang dimensyon ng kultural na pagpapakahulugan. Una, ang ekolohikal na dimensyon ay masasalamin sa paggalang ng mga Kagan sa kalikasan kung paano nila itinuturing ang mga hayop, puno, ilog, at iba pang elemento ng kapaligiran bilang bahagi ng kanilang pamumuhay at espiritwalidad. Pangalawa, ang sosyolohikal na dimensyon ay nakikita sa mga ritwal, kaugalian, at pagpapahalaga na ipinapasa mula henerasyon hanggang henerasyon, gaya ng pagbabawal sa pagkain ng kasili at pagsusuot ng malong bilang tanda ng paggunita. Panghuli, ang kultural na dimensyon ay masusuri sa patuloy na pag-iral ng mga salimbibig bilang tagapag-ingat ng kanilang identidad at kasaysayan.

Sinuri ang tatlong piling kuwentong-bayan ng mga Kagan sa Davao De Oro *"Ang Agimat," "Si Pilandok at si Apila,"* at *"Ang Pagmamahal ng Dalawang Dalaga"*. Ang mga kuwentong ito ay hindi lamang mga salaysay na pumupukaw ng imahinasyon, kundi malinaw na representasyon ng pamumuhay, paniniwala, at pagpapahalaga ng mga unang naninirahang Kagan sa mga bayan ng Maco, Mabini, at Pantukan sa Davao de Oro. Sa pamamagitan ng masusing pagsusuri, makikita ang ugnayan ng panitikan at kultura, gayundin ang kahalagahan ng kuwentong-bayan bilang bahagi ng Yamang Panitikan ng mga Kagan.

Kung paghahambingin ang tatlong kuwentong-bayan, makikita ang pagkakaiba-iba ng tema at nilalaman, ngunit nagkakaisa ang mga ito sa pagpapakita ng kultural na identidad ng mga Kagan. Sa kuwentong *"Ang Agimat,"* nakatuon ang salaysay sa paniniwala at ritwal ng komunidad, na nagpapakita ng mistisismo at pananampalataya. Ipinapahayag nito na ang maling paggamit ng kapangyarihan ay may masamang bunga, isang mahalagang aral na nagbibigay-babala sa tao laban sa pag-abuso ng kapangyarihang taglay.

Samantala, sa kuwentong *"Pilandok at Apila,"* binibigyang-diin ang katalinuhan kaysa sa lakas ng katawan. Sa pamamagitan ng diskarte, talino, at pakikipagsapalaran, ipinapakita ng kuwento na mas mahalaga ang karunungan kaysa sa pisikal na lakas pagdating sa pagharap sa mga hamon ng buhay.

Sa kabilang banda, itinatampok naman ng *"Pagmamahal ng Dalawang Dalaga"* ang kahalagahan ng pag-ibig at pamilya. Ipinapakita rito ang sakripisyo at pagpapahalaga sa relasyon, ngunit nagbibigay din ng paalala na ang labis na pagmamahal ay maaaring magdulot ng di-inaasahang problema. Sa kabuuan, bagama't magkakaiba ang pokus ng bawat kuwentong-bayan, nagkakaisa ang mga ito sa pagpapakita ng mahahalagang pagpapahalaga, aral, at tradisyon na bumubuo sa pagkakakilanlan ng mga Kagan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ang kuwentong *"Ang Kuwento ng Palaka, Alitaptap, at Leon"* mula sa panitikang Kagan ay isang makabuluhang halimbawa ng paggamit ng pabula bilang kasangkapan upang ipahayag ang kultural na pananaw, pagpapahalaga, at karanasang panlipunan ng komunidad.

Sa pagsusuri ng awiting-bayan ng mga Kagan, partikular ang oyaye na pinamagatang *"Si Yaya,"* makikita ang mahalagang papel nito sa pagpapalaganap ng tradisyon, kultural na pagpapahalaga, at panlipunang karanasan.

Sa iba pang mga bugtong, tulad ng "Sumirit na ang isinabit" o "Mga batang mahilig umutot," makikita ang paggamit ng pang-araw-araw na karanasan bilang batayan ng palaisipan. Ang ganitong porma ng bugtong ay hindi lamang naglalaro sa imahinasyon kundi nagtuturo rin ng obserbasyon at lohikal na pag-iisip, sapagkat hinihikayat ang tagapakinig na tukuyin ang sagot gamit ang karanasan at pang-unawa sa kapaligiran. Katulad nito, ang bugtong na "Itinanim hindi kinakain / Kahoy kahoy na pantay / Dinadala-dala lang / Namunga nang maayos" ay nagpapakita ng ugnayan ng tao at kalikasan, at kung paano naipapasa ang kaalaman tungkol sa paggamit ng kapaligiran sa pamamagitan ng malikhaing salita.

Ang salawikain na, "Kapag umaalon ang tubig, mababaw ang ilog; mayabang kung lumakad, nakatitig pa, naglalakad na parang kung sino; kapag pinakinggan mo, maraming ingay; kapag nilapitan mo puro bato," ay nagpapakita ng malalim na karunungan ng mga unang naninirahang Kagan hinggil sa ugnayan ng tao, kalikasan, at lipunan. Sa unang bahagi, "Kapag umaalon ang tubig, mababaw ang ilog," ipinapahayag ang ideya na ang kalikasan ay may taglay na misteryo at kalakhan na hindi agad nakikita; bagamat mababaw ang ilog, maaaring may panganib o kakaibang kalagayan na dapat pagtuunan ng pansin.

Ang pangalawang bahagi, "Mayabang kung lumakad, nakatitig pa, naglalakad na parang kung sino," ay tumutukoy sa asal ng tao, lalo na sa labis na kayabangan o pagmamataas, na maaaring magdulot ng kaguluhan o hindi pagkakaunawaan sa komunidad. Samantala, ang bahagi na "Kapag pinakinggan mo, maraming ingay; kapag nilapitan mo puro bato," ay nagpapakita ng mga hamon at balakid sa lipunan o kapaligiran na dapat lapitan nang may karunungan at maingat na pagdedesisyon.

**Ang mga Katangiang Lingguwistiko ng Salimbibig ng Yamang Panitikan ng Kagan**

Sa mga napiling kuwentong-bayan, pabula, at bugtong, kapansin-pansin ang paggamit ng iba't ibang katangiang pangwika na nagbibigay-lalim, kulay, at emosyon sa mga salaysay. Ang personipikasyon, bilang isa sa mga pangunahing tayutay, ay ginagamit upang bigyan ng katangiang pantao ang mga bagay, hayop, o ideya na sa totoong buhay ay walang kakayahang makipag-ugnayan o magsalita.

Sa "Alamat ng Kasili" at "Ang Alamat ng Kagan", makikita kung paano binibigyan ng kakayahang makipag-usap at magpakita ng damdamin ang mga hayop o bagay, na nagiging mas malinaw at makulay ang tagpo. Katulad din nito, sa pabula ng "Palaka, Alitaptap at Leon", ipinapakita ng alitaptap at lamok ang kanilang emosyon at damdamin sa pamamagitan ng wika, na nagbibigay-diin sa takot, pangamba, at pagkabalisa ng mga karakter. Sa bugtong na "Kapag lumilipad parang panyo… kapag lumalapag parang kamao," ang paniki ay inilarawan na parang may katangiang pantao, na nagpapakita ng malikhaing paglalarawan at nagbibigay ng mas madaling pagkaunawa sa mambabasa.

Ang metapora naman ay nagbibigay-diin sa tuwirang paghahambing ng dalawang magkaibang bagay upang makapagpahayag ng mas malalim na kahulugan. Sa kuwento ni Pilandok, ang agong ay inihalintulad sa bahay ng putyukan, na nagpapahiwatig ng kumplikadong nilalaman ng agong at nag-aanyaya sa imahinasyon ng mambabasa. Sa bugtong at mga salaysay tulad ng "doon sa bukal ng sapa" at iba pang bugtong, ang metapora ay nagbibigay ng simbolismo at nagpapalawak sa interpretasyon ng mambabasa sa emosyon at pangyayari.

Ang ironiya naman ay nagdadala ng kabaligtaran o di-inaasahang resulta sa mga kuwento, tulad sa "Ang Pagmamahal ng Dalawang Dalaga" kung saan ang labis na pagmamahal ay nauwi sa pagkakalbo ng Datu, at sa "Ang Agimat" na kabaligtaran ng inaasahan, lahat ng gumamit ng agimat ay namatay. Ang mga halimbawa ng ironiya ay nagpapakita kung paano ang mga awtor ay gumagamit ng lingwistikang pangwika upang lumikha ng kabalintunaan na may mensaheng moral at kultural.

Ang parapora o paradox ay nagtatampok ng tila magkasalungat na ideya na naglalaman ng katotohanan. Halimbawa, sa pabula ng "Palaka, Alitaptap at Leon", ang pahayag na "Upang maging tahimik, nag-ingay ang palaka" ay nagpapakita ng kabalintunaan ngunit may mas malalim na katuruan tungkol sa paraan ng pagresolba ng problema. Ang isa pang halimbawa sa kuwentong-bayan nina Pilandok at Apila ay nagpapakita na ang pagtitiwala sa kaibigan ay maaaring magdala ng panganib, na nagdadagdag ng lalim sa kahulugan ng naratibo.

Ang pagmamalabis o hyperbole ay ginamit upang palakihin ang epekto ng mga pangyayari at damdamin sa kuwento. Ang paglalarawan ng "mula sa itlog ay lumabas ang isang magandang babae at agad sumunod ang isang ahas" sa Alamat ng Kagan ay nagpapakita ng dramatikong elemento, habang sa bugtong, ang pagbabago ng laki ng mata ayon sa emosyon ay nagbibigay-diin sa imahinasyon at malikhaing paglalarawan ng damdamin.

Ang mga katangiang pangwika personipikasyon, metapora, ironiya, parapora, at pagmamalabis ay hindi lamang nagpapayaman sa sining ng pagkukuwento kundi naglalarawan

din ng kultural na identidad, pagpapahalaga, at tradisyon ng mga Kagan.

**Mga Dimensyon ng Salimbibig na Yamang Panitikan ng Kagan**

Sa konteksto ng panitikan ng Tribung Kagan, makikita ang kultural na dimensyon sa pamamagitan ng iba't ibang anyo ng panitikang pasalita tulad ng alamat, kuwentong-bayan, pabula, bugtong, at awiting-bayan. Sa "Alamat ng Kasili," ipinapakita ang kahalagahan ng pagtupad sa mga pangako at kasunduan, na isang salamin ng pamumuhay at pakikitungo ng mga Kagan sa isa't isa. Katulad nito, sa "Alamat ng Kagan," pinapahalagahan ang katapatan at integridad bilang gabay sa pagtatatag ng maayos na relasyon sa loob ng komunidad, na sinasalamin ang malalim na pagpapahalaga sa moralidad at ugnayan ng tao sa tao.

Makikita rin ang pagpapahalaga sa damdamin at relasyon sa "Alamat ng Malong" at sa kuwentong-bayan na "Ang Pagmamahal ng Dalawang Dalaga." Sa mga salaysay na ito, inilalarawan ang iba't ibang anyo ng pagmamahalan at pag-aalaga, mula sa romantikong pag-ibig hanggang sa pagpapahalaga sa pamilya at komunidad. Ipinapakita rito na sa kulturang Pilipino, ang damdamin at interpersonal na ugnayan ay mahalagang aspeto ng pagkakakilanlan ng isang tao at ng pamayanan.

Bukod dito, ang mga awiting-bayan tulad ng "Si Yaya" at mga Oyaye ay sumasalamin sa kahalagahan ng wika bilang instrumento ng ekspresyon, pagtuturo, at paghubog ng identidad. Ayon kay Navarro (2023), ang mga awiting-bayan ay hindi lamang nagbibigay-aliw kundi nagsisilbing tulay sa pagpapasa ng kultura, tradisyon, at lokal na karunungan sa kabataan. Gayundin, ang mga bugtong ay nagpapakita ng malikhaing paggamit ng wika upang ituro ang karunungan at katalinuhan, sabay na nagbibigay-aliw at nagpapalakas ng ugnayan sa komunidad.

Sa kabuuan, ang kultural na dimensyon ng oral na panitikan ng mga Kagan ay sumasalamin sa kabuuang identidad ng komunidad mula sa kasaysayan, moralidad, at pagpapahalaga sa relasyon, hanggang sa malikhaing paggamit ng wika.

Ekolohikal na Dimensyon. Ang ekolohikal na dimensyon sa panitikan ay tumutukoy sa ugnayan ng tao, hayop, halaman, at iba pang elemento ng kalikasan sa loob ng mga salaysay, at kung paano ito nagiging bahagi ng pang-araw-araw na pamumuhay, kabuhayan, at kultura ng isang komunidad (Cruz, 2022; Reyes, 2023). Ayon kina Cilliers at Prins (2022), ang ekolohikal na dimensyon ay hindi lamang simpleng paglalarawan ng kalikasan, kundi isang representasyon ng pakikisalamuha, pagpapahalaga, at responsibilidad ng tao sa kapaligiran.

Samakatuwid, ang mga kuwentong-bayan, alamat, pabula, at bugtong ng Tribung Kagan ay hindi lamang nagpapahayag ng imahinasyon, kundi nagbibigay rin ng aral at gabay kung paano mapananatili ang balanse sa pagitan ng tao at kalikasan.

Sa "Alamat ng Kasili," makikita ang pagpapaliwanag sa pinagmulan ng isda, na itinuturing na mahalagang bahagi ng kapaligiran at pagkain ng tao. Ipinapakita nito ang kamalayan ng mga sinaunang Kagan sa kabuhayan at ekolohiya, kung saan ang pagkilala sa pinagmumulan ng pagkain ay isang paraan upang igalang at pangalagaan ang yaman ng kalikasan. Sa "Alamat ng Kagan," makikita ang kahalagahan ng mga puno, gaya ng mabung, na hindi lamang nagsisilbing silungan o kagamitan sa araw-araw, kundi simbolo rin ng pangangalaga sa kapaligiran. Ayon kay Escobar (2023), ang ganitong pagtuturo ay nagpapakita ng etikal na ugnayan ng tao sa kalikasan, kung saan ang bawat likas na yaman ay may tungkuling dapat pangalagaan.

Sa "Alamat ng Malong," malinaw ang pagpapakita ng halaga ng mga halaman at likas na yaman sa pang-araw-araw na pamumuhay. Ang kuwentong-bayan na "Ang Pagmamahal ng Dalawang Dalaga" naman ay naglalarawan ng pamumuhay sa isang pamayanang pinamumunuan ng Datu, kung saan ang kabuhayan at politika ay nakabatay sa likas na yaman at teritoryo.

Makikita rin ang ekolohikal na dimensyon sa ugnayan ng hayop at tao sa mga pabula. Sa "Si Pilandok at Apila," ginagamit ang kalikasan bilang tagpuan ng mga pangyayari at gabay sa pagtuturo ng karunungan at pagpapahalaga sa kapaligiran. Sa "Ang Kuwento ng Palaka, Alitaptap at Leon," ipinapakita ang papel ng bawat hayop sa kagubatan bilang bahagi ng ekolohiya, na nagsisilbing simbolo ng interaksyon at balanseng pamumuhay sa natural na kapaligiran. Ang bawat nilalang, gaano man kaliit o kalaki, ay may mahalagang tungkulin sa pagpapanatili ng ekolohikal na kaayusan.

Sa awiting-bayan na "Si Yaya," malinaw ang ugnayan ng tao at katubigan, na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng tubig bilang yaman at pinagmumulan ng kabuhayan. Samantala, ang mga bugtong tulad ng Sampayan, Karayom, at Sandok ay nagpapakita ng paggamit ng mga bagay mula sa kapaligiran bilang bahagi ng pang-araw-araw na buhay. Bukod sa pagbibigay-aliw, ang mga bugtong na ito ay naglilinang ng malikhaing pag-iisip at nagpapalakas ng kaalaman tungkol sa kapaligiran, na mahalaga sa pagpapanatili ng tradisyon at pagpapahalaga sa kalikasan (Tantoco, 2023).

**Implikasyon Para sa Pagsasanay sa Edukasyon**

Ang mga natuklasan sa disertasyong *Salimbibig: Isang Naratibong Pagsisiyasat sa Yamang Panitikan ng Kagan* ay may malalim na implikasyon sa larangan ng edukasyon, partikular sa pagtuturo ng wika, panitikan, at kulturang Pilipino. Una, ipinapakita ng mga salimbibig ng Tribung Kagan kung paano naipapasa mula sa isang henerasyon patungo sa susunod ang kaalaman, pagpapahalaga, at tradisyon.

Ito ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng paggamit ng panitikang pasalita bilang pedagogical tool sa klasrum, kung saan ang mga guro ay maaaring magsanay sa paggamit ng mga kuwentong-bayan, alamat, pabula, bugtong, at oyaye upang mas mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa kultura at kasaysayan ng kanilang komunidad (Gadamer, 2021; Cruz, 2022). Pangalawa, ang pagsusuri sa kultural at ekolohikal na dimensyon ng mga salimbibig ay nagpapahiwatig ng kahalagahan ng interdisiplinaryong pagtuturo. Halimbawa, ang mga alamat na nagpapakita ng ugnayan ng tao at kalikasan, tulad ng "Alamat ng Kasili" at "Alamat ng Kagan," ay maaaring gamitin sa pagtuturo ng agham pangkalikasan, araling panlipunan, at edukasyong pangkultura upang ipakita kung paano ang mga tradisyon ay nakaugat sa praktikal at moral na pag-unawa sa kapaligiran (Reyes, 2023).

Pangatlo, ipinapakita ng paggamit ng lingguwistikang katangian tulad ng personipikasyon, metapora, ironiya, at parapora kung paano nahuhubog ang kritikal na pag-iisip, malikhaing pagsusuri, at kakayahang mag-interpret ng mga teksto sa mga mag-aaral. Ang pag-aaral sa mga tayutay at estilong pampanitikan sa konteksto ng kultura ay nagbibigay-daan sa mga guro na maipaliwanag hindi lamang ang literal na kahulugan kundi pati ang malalim na simbolismo at aral ng bawat salimbibig (Perrine, 2017).

Ang integrasyon ng bugtong, oyaye, at pabula sa pagtuturo ay nagbibigay ng alternatibong estratehiya sa pagkatuto na mas nakakaengganyo sa mga mag-aaral. Ang mga ito ay maaaring gamitin bilang bahagi ng kultural na literasiya, kung saan ang kabataan ay natututo ng wika at tradisyon sa mas malikhaing paraan, habang nahuhubog ang kanilang pag-unawa sa mga lokal na halaga at paniniwala.

**Mga Rekomendasyon para sa Hinaharap na Pananaliksik**

Iminumungkahi ko na dahil may mga kwentong nananatiling hindi pa naisasalaysay mula sa mga unang nainirahang Kagan, kinakailangan ang patuloy na pagsisikap upang idokumento at suriin ang mga natatanging salimbibig ng Yamang Panitikan ng Kagan Ang mga kwalitatibong pananaliksik ay magbibigay ng tapat at masusing paglalarawan sa mga kwento ng mga tao sa pamana ng lugar. Kaya naman, hinihikayat ko ang mga susunod na mananaliksik na magmula sa akademya na idokumento o gamitin ang parehong metodolohiya o isang etnograpikong lapit, upang ang lokal na panitikan sa lalawigan ay maayos na maitala at mabigyan ng pansin sa mas malawak na komunidad ng panitikan at mga akademikong institusyon.

## SANGGUNIAN

1. *Reyes, M. (2013). Rediscovering the Value of Philippine Mythology for Philippine Schools.*
2. *Valerio, M. T. B., & Pattalitan Jr, A. P. (2016). Folk etymology of diffun barangay names: initializing localization and contextualization through marginalized literature. QSU-CTE Journal of Educational Practices and Standards, 1(2), 1-1.*
3. *Creswell, J.W. (2007). Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches (2nd ed.). from http://psycnet.apa.org/record/2006-13099-000*
4. *Suárez, C. A. H., Montes, L. S. P., & Galán, C. A. P. (2022). Oral tradition literature, social justice and inclusive education. Journal of Language and Linguistic Studies, 18(3), 447-457.*
5. *Mojares, R. (2021). Importance of Philippine Regional Literature of Philippine-regional literature fhttps://sincerely82290.wixsite.com/aupaliterarystudy/post/importance-*
6. *Sutton, J., & Austin, Z. (2015). Qualitative research: Data collection, analysis,and management. The Canadian Journal of Hospital Pharmacy 68(3). https://doi.org/10.4212/cjhp.v68i3.1456.*
7. *West, M. L. (2013). The epic cycle: A commentary on the lost Troy epics*
8. *Cruz, I, (2007). English and Tagalog in Philippine Literature: a study of literary bilingualism. DOI:10.1111/j.1467-971X.1986.tb00723.x*
9. *Reyes, M. (2013). Rediscovering the Value of Philippine Mythology for Philippine Schools.*
10. *Pinoliad, E. (2021). Contextualization in teaching short stories: Students' interest and comprehension. Middle Eastern Journal of Research in Education and Social Sciences,2(1),31-55 https://doi.org/10.47631/mejress.v2i1.167*
11. *Zhu, H., Ang, L. H., & Mansor, N. S. (2022). Genre-based translation strategies on cultural references: A systematic review. Journal of Translation and Interpreting Study*
12. *Tümen Akyildiz, S. (2021). An overview of qualitative research and focus group discussion. International Journal of Academic Research in Education. https://doi.org/10.17985/ijare.866762*
13. *Sugiyartati, A., Arafah, B., Rahman, F., & Makka, M. (2020). Cultural values in oral literature of krinok: Antropolinguistic study. Language Literacy: Journal of Linguistics, Literature, and Language Teaching, 4, 316- 321.*
14. *Tampos-Cabazares, S., & Cabazares, J. (2016). 'Kultura'in the 21 st Century Filipino Language: Revisiting the Western Critique of'Culture'. Philippine Social Sciences Review, 68(2).*
15. *Jocano, F. L. (2016). Folk traditions and national identity. University of the Philippines Press.*
16. *National Commission for Culture and the Arts. (2019). Cultural heritage and the preservation of oral traditions in the Philippines. Retrieved from https://ncca.gov.ph*
17. *Dizon, R. L. (2021). Rediscovering Mindanaoan narratives: Ethnolinguistic heritage and oral literature. University of the Philippines Press.Galdon, J. A. (2017). Salimbibig: Philippine vernacular literature. Ateneo de Manila University Press.*